

# **MAPULANG PAGPUPUGAY SA BAGONG HUKBONG BAYAN, MAGPUNYAGI SA MATAGALANG DIGMANG BAYAN**

ni Armando Liwanag  
Tagapangulo, Komite Sentral  
Partido Komunista ng Pilipinas  
Marso 29, 1994

Binalangkas at pinagtibay ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga ALITUNTUNIN NG BAGONG HUKBONG BAYAN (BHB) at pagkatapos ay itinatag nito ang BHB noong Marso 29, 1969, bilang pagtalima sa batayang dokumento ng kilusang pagwawasto ng 1967-68, ang IWASTO ANG MGA PAGKAKAMALI AT MULING BUUIN ANG PARTIDO, sa SALIGANG BATAS NG PARTIDO at sa PROGRAMA PARA SA DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN. Mula noon, 25 taon na ang nakalilipas, ang BHB sa ilalim ng pamumuno ng Partido ay nagkamit ng malalaking pagsulong at nagtamo ng maraming tagumpay sa armadong rebolusyon ng sambayanang Pilipino laban sa dayuhang monopolyo kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Sa ngayon, ang BHB ang pinakamalaki, pinakamalakas at pinakapanday na hukbo na inaruga at pinaunlad ng rebolusyonaryong proletaryado at iba pang inaaping mamamayan sa buong kasaysayan ng Pilipinas. Nilampasan nito ang hukbo ng lumang demokratikong rebolusyon ng 1896 hanggang 1902 sa usapin ng rebolusyonaryong linya at direksyon at sa estratehiya't taktika, pambansang saklaw at pagiging mapagpunyagi. Malayong-malayo na rin ito sa lumang hukbong bayan na itinatag noong 1942.

Ang BHB ay isang rebolusyonaryong hukbo na subok at napanday sa 25 taong maigting na rebolusyonaryong pakikibaka. Puspusan nitong nilabanan ang rehimeng US-Marcos mula 1969 hanggang 1986 at naging isang mayor at di

maihihiwalay na salik sa pagbagbagsak dito. Nagpasya ang mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo na alisin ang pasistang diktador upang hadlangan ang pagsulong ng mga rebolusyonaryong pwersa. Subalit patuloy na lumaban ang BHB at umani ito ng maniningning na mga tagumpay laban sa mga sumunod na rehimeng malaking komprador-panginoong maylupa nina Aquino at Ramos at pinangibabawan ang bawat pagpapatindi ng armadong kontrarebolusyon, kabilang na ang pinakamapanlinlang na propaganda.

Nagpupugay tayo sa bayani at magiting na Bagong Hukbong Bayan, sa mga proletaryong rebolusyonaryo, sa mga Pulang kumander at mandirigma sa kanilang mga dakilang tagumpay. Nakamit nila ang mga malalaking tagumpay sa pamamagitan ng pagtahak sa wastong rebolusyonaryong linya sa ilalim ng pamumuno ng Partido, sa pamamagitan ng puspusang paggawa, walang takot na pakikibaka at mga sakripisyo. Inihahandog natin ang pinakamataas na parangal sa mga rebolusyonaryong martir na nag-alay ng ultimong sakripisyo sa pagbubuwis ng kanilang buhay sa paglilingkod sa sambayanan. Minamahal at tinatangkilik ng malawak na masa ang BHB dahil sa ipinaglalaban nito ang kanilang pambansa at demokratikong karapatan at interes.

Sa mga liko't pihit ng armadong rebolusyon, umiral sa iba't-ibang panahon ang mga pagkakamali sa linya, mga maling tendensya, mga kahinaan at kabiguan sa magkakaibang saklaw. Subalit ang lahat ng ito'y laging napapangibabawan sa pamamagitan ng punahan at pagpuna-sa-sarili at sa pamamagitan ng komprehensibong pagwawasto bilang proseso ng paglilina at pagpapatupad sa mga rebolusyonaryong prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.

Ang kasalukuyang kilusang pagwawasto ay nagkamit ng malalaki at matutunog na tagumpay. Ang muling pagpapatibay ng mga batayang rebolusyonaryong prinsipyo

at ang pagwawasto ng mga natipon na malulubhang paglihis, pagkakamali at kahinaan ay nagtaas sa panibagong antas sa kapasyahan at kakayahang lumaban ng mga rebolusyonaryong pwera at buong sambayanan laban sa dayuhang monopolyo kapitalismo at mga lokal na mapagsamantalang uri ng malalaking komprador at panginoong maylupa.

## **I. MGA BATAYANG PRINSIPYO NG BAGONG HUKBONG BAYAN**

Alinsunod sa kasalukuyang kilusang pagwawasto na inilulunsad ng Partido, itaguyod natin ang mga batayang rebolusyonaryong prinsipyo na wasto at matagumpay na gumabay sa BHB. Kung wala ang mga batayang prinsipyong ito, imposible para sa Partido na maitayo man lamang ang BHB at mapasimulan ang digmang bayan. Ang kongkretong malakolonyal at malapyudal na kalagayan na nagtulak at nagbigay katwiran sa pagbubuo ng hukbong bayan ay nagpapatuloy at lalo pang lumalala. Magpapatuloy ang digmang bayan hanggang ang naghaharing sistema ay maibagsak at makamit ang pambansang pagpapalaya at demokrasya.

Ang pagkatatag ng BHB batay sa proletaryong rebolusyonaryong linya ay ibinunga ng tunggalian ng mga nagtataguyod ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at ng mga naglalako ng modernong rebisyunismo sa Pilipinas at sa buong daigdig. Pagkatapos lamang maitatag ang PKP sa teoretikal na pundasyong Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong naging posible ang pagtatayo ng BHB at pangingibabaw sa mahabang serye ng Kanan at “Kaliwang” oportunistang kamalian ng mga rebisyunistang taksil na Lava sa lumang pinagsanib na partido ng mga Partido Komunista at Sosyalista at sa gangsterismo ng pangkating Taruc-Sumulong sa hanay ng mga lagalag na labi ng lumang hukbong bayan.

Sa paglalapat ng Marxismo-Leninismo sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas, wastong nasuri at nailarawan ng Partido ang kasaysayan at sirkunstansya ng ating bansa. Sa mga dokumentong IWASTO ANG MGA PAGKAKAMALI AT MULING BUUIN ANG PARTIDO, SALIGANG BATAS NG

PARTIDO, PROGRAMA PARA SA DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN, MGA ALITUNTUNIN NG BAGONG HUKBONG BAYAN at LIPUNAN AT REBOLUSYONG PILIPINO, nilinaw ng Partido ang katangian ng lipunang Pilipino bilang malakolonyal at malapyudal, ang katangiang bagong-demokratiko ng kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino, ang mga motibong pwersa at mga target, ang estratehiya't taktika, mga tungkulin at ang sosyalistang perspektiba ng rebolusyon.

Simula't sapul, inilinaw ng Partido na alinsunod sa malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino, kinakailangan ang bagong- demokratikong rebolusyon upang makamit ang pambansang kalayaan at demokrasya. Ang mga batayang kalagayang panlipunan ay hindi nagbago, bagkus ay higit na lumalim at lumala sa pagkakadagan ng neo-kolonyalismo. Ang naghaharing sistema ay nasa talamak na krisis. Malalim ang pagbulusok ng krisis na ito mula sa isang antas tungong isa pa mula 1969. Patuloy at lalo pa nitong pinatataba ang lupa para sa matagalang digmang bayan.

Ginamit ng mga "Kaliwa" at Kanang oportunista ang katwirang paghahanap ng mas madali at mas mabilis na daan tungo sa kapangyarihan upang isantabi ang Marxista-Leninistang pagsusuri sa lipunang Pilipino. Sa paraang metapisiko binigyan nila ng kredito ang imperyalismong US at ang pasistang diktadurang Marcos sa diumano'y pagiging industriyalisado at urbanisado na ng lipunang Pilipino hanggang sa puntong ganap nilang tinalikdan ang estratehikong linya ng matagalang digmang bayan at binasbasan ang putsismo o repormismo bilang daan sa pag-agaw ng kapangyarihan. Sa maagang bahagi ng dekada '80, naging uso para sa ilang peti-burges na mahilig sa pasawsaw o mababaw na pag-aaral ang magtaguyod o matangay sa opisyal na teorya ng kaunlaran (official development theory) na itinataguyod ng UN, IMF at World Bank, o kaya ay sa teorya ng dependyenteng kapitalismo na itinataguyod ng mga makabagong Kautskyite, at magbalewala sa pagsusuri sa partikular na moda ng produksyon sa Pilipinas.

Kung si Lin Piao ay maling nagpalagay na ang kahihinatnan ng daigdig ay isahang-panig na pagpapasyahan ng kanayunan ng daigdig, mayroon namang mga nagpapalagay na ang kahihinatnan ng mundo ay isahang-panig na pagpapasyahan ng kalunsuran ng mundo. Ang huling pagtingin na ito ay angkop sa mga Kanang oportunista na naggigiit sa repormismong burges laban sa linya ng matagalang digmang bayan sa Pilipinas. Sa kabilang banda, sinunggaban ng mga “Kaliwang” oportunista ang pagsusuri tungkol sa mataas na antas ng industriyalisasyon at urbanisasyon upang magharap ng pinaiksing landas sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika. Ang mga pag-aalsa sa ibang bansa, anuman ang kanilang pangkasaysayang konteksto at panlipunang laman ay itinanghal bilang mga modelong dapat tularan.

Ang BHB ay nasa ilalim ng absolutong pamumuno ng PKP. Ito ay ayon sa Marxista-Leninistang prinsipyo na ang uring manggagawa, sa pamamagitan ng abanteng destakamento nito, ang namumunong uri sa kasalukuyang bagong-demokratikong yugto at sa kasunod nitong sosyalistang yugto ng rebolusyong Pilipino. Kailangang pamunuan ng Partido ang baril upang magamit itong sandata sa pagpapabagsak sa mga mapagsamantalang uri, sa pagkakamit ng pambansa at panlipunang kalayaan, sa pagkakamit ng kapangyarihan ng anak-pawis at pagtitiyak ng pamumuno ng uring manggagawa sa sosyalistang lipunan hanggang makamit ang komunismo.

Ang Partido ang nasa unahan at nasa bag-as ng BHB. Ito ang nagtatakda ng linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng BHB. Ang mga namumunong organo ng Partido ang pumapatnubay sa BHB sa iba’t-ibang antas ng kumand. Sa loob ng BHB, may mga yunit ng Partido at mga kadre ng Partido na tumitiyak sa absolutong pamumuno ng Partido sa BHB. Ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo ang gumagabay sa Partido at gayundin sa hukbong bayan.

Maling ipalaganap at ipatupad ang linya na hiwalay ang BHB sa Partido at dapat itong magkaroon ng nagsasarili at hiwalay na makinarya. Ito ang nakalalasong linyang tinahak ng

mga taksil na sina Romulo Kintanar at Arturo Tabara noong sila ay nasa mga namumunong pusisyon pa sa BHB. Ginamit nila itong lisensya sa pagtransporma sa ilang bahagi ng BHB bilang sariling kaharian nila, pagsasagawa ng militarismo, gangsterismo, at malawakang paglustay ng pondo, kasama si Filemon Lagman. Ang mga nabanggit na kriminal na gangster ay may katulad na linya sa pulitika at organisasyon nina Ricardo Reyes at Benjamin de Vera sa pagpapakulo ng “Kaliwang” oportunistang linyang nagkukumbina ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar.

Mali din na pagbanggain ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at rebolusyonaryong nagkakaisang prente, at ipagkamaling ang una ay purong militar at ang huli ay purong ligal at pulitikal. Hangad ng mga Kanang oportunista na gawing sariling kaharian ang ilang mga ligal na organisasyon at gamiting behikulo ang nagkakaisang prente upang wasakin ang papel ng Partido bilang taliba, ang kasarinlan at inisyatiba nito at para iligaw ang mga rebolusyonaryong pwersa sa parlamentarismo, repormismo at pasipismo.

Ang armadong pakikibaka ang pangunahing porma ng rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas ngayon at hanggang sa ang kapangyarihang pampulitika ay naagaw na sa buong bansa. Ang ligal na mga porma ng pakikibaka ay sekundaryo kahima’t ang mga ito’y mahalaga at hindi maihihiwalay. Ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, tulad ng mga ligal na porma ng pakikibaka, ay umaayon sa rebolusyonaryong linyang makauri ng nagkakaisang prente. Ang nagkakaisang prente ay pangunahin para sa pagtataguyod ng armadong pakikibaka at, sekundaryo, ng ligal na pakikibaka. At hindi magkakaroon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente kung wala ang makauring pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng abanteng destakamento nito.

Sa pagbubuo ng hukbong bayan sa kanayunan sa ilalim ng kasalukuyang sirkunstansyang panlipunan, ginagampanan ng Partido ang proletaryong rebolusyonaryong tungkuling gamitin ang pinakamabisang sandata para sa pagpapabagsak ng kaaway

at pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika. Kasi nga, sentral na tungkulin ng anumang rebolusyon ang pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika. Ang tunay na proletaryong rebolusyonaryong Partido ay di umiiwas sa responsibilidad na maglunsad ng armadong rebolusyon saanman at kailanman pinahihintulot ng kalagayan.

May rebolusyonaryong makauring lohika sa pagtahak at pagpapatupad sa estratehikong linyang kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan at pag-iipon ng lakas sa mahabang panahon, hanggang sa maaari nang agawin ang mga syudad sa isang pambansang opensiba. Binibigyang-daan ng matagalang digmang bayan ang uring manggagawa at Partido nito na pandayin ang alyansang manggagawa-magsasaka bilang pundasyon ng nagkakaisang prente at ng tagumpay; at upang itayo ang mga organo ng demokratikong kapangyarihan kahit na ang kaaway ay nakatrenera pa sa kalunsuran.

Ang mayorya ng ating mamamayan ay mga magsasaka. Sila ang kalakhang pwersa ng bagong-demokratikong rebolusyon, samantalang ang proletaryado naman ang namumunong pwersa. Ang rebolusyong agraryo ang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon. Dapat itong isagawa. Kung hindi, ang proletaryado at Partido nito ay hindi makakakuha ng suportang masa ng mga magsasaka, at hindi maibabatay ang pagpapalakas ng hukbong bayan at ang pagsulong ng matagalang digmang bayan sa suportang ito.

Ang rebolusyon ay isang pangmasang pagsisikap upang agawin ng mga rebolusyonaryong uri ang kapangyarihang pampulitika at radikal na itransorma ang lipunan. Walang ibang mapagpipilian ang mga rebolusyonaryong pwersa at sambayanang Pilipino kundi ang maglunsad ng rebolusyon na mapagpasyang magwawakas sa pang-aapi at pagsasamantala ng dayuhang monopolyong kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo, at tumungo sa sosyalistang rebolusyon.

Hangga't ang layunin ng Partido at BHB ay ang pagsusulong ng bagong-demokratiko at sosyalistang yugto ng rebolusyong Pilipino, walang ibang landas kundi ang pagtahak sa digmang bayan. Ang rebolusyong Pilipino ay pundamental na naiiba sa mga kilusang mapagpalayang naghahangad pawiin ang kolonyalismo sa pamamagitan ng pinagkasunduang kompromisong neo-kolonyal. Naiiba rin ito doon sa ang hangad lamang ay demokrasyang burges laban sa despotismo sa pamamagitan ng mga popular na pag-aalsang lunsod. Syempre pa, iba rin ito sa mga kudatang pakana ng sosyal-imperyalistang Sobyet sa Ethiopia, Afghanistan at iba pang bansa.

Umiiral ngayon ang dalawang kapangyarihang pampulitika sa Pilipinas bunga ng digmang bayan. Ang reaksiyunaryong estado ay nakatrensera pa sa kalunsuran. Subalit ang Pulang kapangyarihang pampulitika ay lumitaw na at patuloy na lalaganap hanggang mapalitan nito at maibagsak ang reaksiyunaryong estado sa buong bansa. Sa pambansang pag-agaw lamang sa kapangyarihang pampulitika makukumpleto sa saligan ang bagong-demokratikong rebolusyon, at makakamit ng proletaryado ang batayan at pagkakataon para simulan ang sosyalistang rebolusyon.

Kung wala ang hukbong bayan, walang anupaman ang mamamayan. Totoo ito sa Tsina nang una itong sambitin ni Kasamang Mao. Ito ay totoo pa rin sa Pilipinas. Kung wala ang hukbong bayan, hindi magkakaroon ng mga Pulang organo ng kapangyarihan, walang mga rebolusyonaryong organisasyong masa at hindi magkakaroon ng epektibong reporma sa lupa at iba pang kampanya para sa sosyo-ekonomikong benepisyo ng mamamayan sa mga larangang gerilya. Kung wala ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka bilang makapangyarihang moog, kahit na ang ligal na demokratikong kilusang masa ay hihina.

Kapag ang hukbong bayan ay nilikida o ginawang ganap na pasibo ng kapitulasyon, matagalang tigil-putukan o tigil-labanan, ang Partido at mga rebolusyonaryong organisasyong masa ay magiging mahina, walang silbi at bulnerable sa



reaksyunaryong manipulasyon at panunupil, tulad ng maliliit at repormistang mga grupo na nagpapanggap na progresibo na naghihiyawan para sa kapayapaan sa ilalim ng balangkas ng naghaharing sistema. Ang mga matatagal nang rebisyunistang Lavaista, mga Gorbachobista, ang mga burges na populista, mga liberal, mga Kristiyanong sosyal-demokrata at mga Trotskyista, ay hindi lumaki ni naging mas makapangyarihan dahil sa dala-dala nilang linya ng pag-iisip at mga aktibidad. Sa katunayan, sila ay di hihigit sa mga espesyal na ahente na lamang ng prinsipal na mga reaksyunaryo sa pagtunggali sa mga rebolusyonaryong pwersa.

Nang mabigo ang linyang pagkumbina ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar, ang mga ayaw magwastong “Kaliwang” oportunista ay naging mga lantarang kontrarebolusyonaryong maka-Kanan at pumanig na sa mga antikomunistang grupong peti-burges sa pagdadala ng linya ng likidasyunismo, repormismo at pasipismo. Ang ilan ay nagpapahaging pa rin ng mga pag-aalsa sa malabong hinaharap, habang ang iba ay pumasok na sa pribadong negosyo o naging hayagang ahente ng psywar at paniniktik ng kaaway. Habang nagkakabisa ang mga resulta ng kilusang pagwawasto sa pagsusulong ng rebolusyon, lalong malalantad ang kontrarebolusyonaryong katangian ng mga taksil na ito.

Ang BHB ang pangunahing organisasyong masa ng Partido. Ito ang instrumento ng Partido para sa paglulunsad ng pangunahing porma ng rebolusyonaryong pakikibaka at pag-uugnay ng armadong pakikibaka sa reporma sa lupa at pagtatayo ng mga rebolusyonaryong baseng masa. Ito ang tipo ng organisasyong masa ngayon na may pinakamataas na konsentrasyon ng kasapi ng Partido.

Ang BHB, sa pangunahin, ay pwersang panlaban. Kaalinsabay nito, isa rin itong pwersa sa pagpopropaganda, pag-oorganisa sa masa at produksyon. Kung walang masikhay na gawaing masa, hindi nito makukuha ang partisipasyon at suporta ng mamamayan para sa armadong pakikibaka. Ang pagtingin na ang BHB ay isang pwersang militar lamang o ang pananaw

na lantay militar ay taliwas sa teorya at praktika ng digmang bayan. Gayunpaman, maling tanggihan ang pangangailangan sa isang pwersang militar, dahil kinakailangang durugin ang makinaryang burukratiko-militar ng estado. Ang teorya ng ispontanyong masa, na nagpapalaki sa kahalagahan ng pawalis na kampanyang masa (ng aktibismo sa lansangan) nang wala namang masikhay na gawaing masa at solidong pag-oorganisa, ay nakakapinsala sa armadong rebolusyon.

Sa pamamagitan lamang ng pagbubuo ng hukbong bayan at yugtu-yugtong paglulunsad ng digmang bayan, posibleng maagaw, mahawakan at makonsolida ang kapangyarihang pampulitika at maisagawa ang sosyalistang rebolusyon. Maaaring tahakin ng matagalang digmang bayan ang tatlong estratehikong yugto: ang dependensya, pagkapatas at opensya. Wala nang ibang maaaring landas para sa matagumpay na pag-unlad ng isang hukbong bayan na nagsimula sa maliit at mahina laban sa isang anti-mamamayang hukbo na malaki at malakas.

Sa estratehikong dependensya, naglulunsad ng mga taktikal na opensya upang mag-ipon ng armadong lakas. Ang malawakan at masinsing pakikidigmang gerilya ay inilulunsad sa batayan ng papalawak at papalalim na baseng masa. Tulad ng ipinakita ng ating karanasan sa nakalipas na 10 taon, mapangwasak ang agad na tumungo sa regular na pakikidigmang makilos habang ang pangkalahatang antas ng pag-unlad ng digmang bayan ay nananatili pa sa pakikidigmang gerilya. Ang adelantadong pagbubuo ng mga malalaking yunit ng hukbong bayan ay nakakapinsala sa baseng masa. Kapag ang hukbong bayan ay nabigo sa pagpapalawak sa baseng masa nito, ang sitwasyon ay nagiging lantay militar at nagiging paborable sa pwersa ng kaaway na superyor sa usaping militar. Sa gayon, naging mapangwasak ang “Kaliwang” oportunistang linya ng wala-sa-panahong regularisasyon at “stratehikong kontra-opensya” at ang linya ng pagkumbina ng insureksyunismo at adbenturismong militar.

Upang mabuo ang baseng masa at mahusay na makalaban, pinananatili ng BHB ang wasto at balansyadong istruktura ng pwersa. Ang mas mataas na antas ng kumand ay maaaring magkaroon ng konsentradong pwersa na nagsisilbing sentro-de-grabidad subalit kailangan nitong hatiin ang mga pwersa sa paraang uunlad ang mga nakabababang antas, at hindi magkakaroon ng masamang epekto sa gawain sa pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa. Sa bawat larangang gerilya, mayroong sentro-de-grabidad na relatibong konsentrado kung walang mga operasyon na nangangailangan ng absolutong konsentrasyon. Kaalinsabay nito, nariyan ang mga mas kalat na maliliit na yunit para sa gawaing masa sa mas malawak na saklaw, para palawakin ang maniobrahan ng sentro-de-grabidad at para masagkaan ang kakayahang umokupa ng teritoryo ng konsentradong pwersa ng kaaway.

Mapangwasak sa sarili para sa hukbong bayan ang paglalagay ng mga malalaking yunit sa pirmihan at absolutong konsentrasyon kapalit ng ganap na pag-aalis o biglaang pagbawas ng kinakailangang mas malaking bilang ng mga maliliit na yunit na nakakalat sa malawak na saklaw para sa gawaing masa. Ang paglikha ng di napapanahong malaking sentro-de-grabidad ay paghiwalay nito sa baseng masa, pagpataw ng mabigat na pasanang lohistikal sa mamamayan at paglalantad bilang target ng kaaway. Ang sentro-de-grabidad ay di makagagampan sa tungkulin nito kung hindi paliligiran at susuportahan ng mga nakakalat na maliliit na yunit, mga yunit sa pagtatanggol-sa-sarili at milisya, at syempre, ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika, mga organisasyong masa at ng malawak na masa ng mamamayan.

Sa loob ng 25-taong kasaysayan ng BHB, ang mga maliliit na yunit (sandatahang pangkat pampropaganda, mga iskward at platun) na mahigpit na nakaugnay sa masa ang naging pinakapektibo sa paglipol sa mga yunit ng kaaway at sa pagkumpiska ng karamihan ng armas mula sa kaaway. Taliwas dito, ang mga kumpanyang binuo nang wala sa

panahon sa Mindanao noong 1983-84 at sa buong bansa mula 1985, ay nakapagsagawa lamang ng ilang dramatikong aksyon bago tuluyang nabaon sa mga problema sa lohistika at nalantad sa kontra-atake ng kaaway dahil sa kawalan ng baseng masa. Kung hindi dahil sa mga maling linya ng adelantadong regularisasyon at “estrategikong kontra-opensiba”, pagkumbina ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar at lahat ng mga katulad nito, sana’y naging mas matatag ang hukbong bayan, mas malaki at kumulatibong sumulong at hindi lumasap ng matitinding pagkabigo.

Sa pamumuno sa BHB, isinusulong ng Partido ang antipyudal na rebolusyonaryong linya. Umaasa ito pangunahin sa maralitang magsasaka at manggagawang-bukid; kinakabig ang panggitnang magsasaka, ninyunutralisa ang mga mayamang magsasaka at sinasamantala ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga naliliwanagan at imbing panginoong maylupa upang wasakin nang paisha ang kapangyarihan ng mga despotikong pangkatin ng panginoong maylupa. Ang antas ng pagkumulat ng mga mapagsamantala ay masusukat sa kagustuhan nilang makipag-usap at tumalima sa mga batas at regulasyon ng rebolusyonaryong pamahalaang bayan.

Hanggang sa ngayon, isinasagawa ang minimum na programa sa reporma sa lupa na pagpapababa ng upa sa lupa at pagpawi sa usura. Syempre, ipatutupad sa tamang panahon ang maksimum na programa sa lupa, ang pagkumpiska sa lupa at libreng pamamahagi nito sa mga nagbubungkal. Ang rebolusyong agraryo ang di matitinag na layunin ng bagong-demokratikong rebolusyon kahima’t tutol tayo sa mga di-napapanahong mga insureksyon at pag-aalsang magsasaka, na naglalantad sa organisadong magsasaka at itinutulak lamang ang masang magsasaka sa isang antas ng pakikibaka na lagpas sa kanilang kakayahang ipagtagumpay. Sa usaping ito, masusi na nating napag-aralan at napaghalawan ng aral ang mga nangyaring di napapanahong pagkumpiska ng lupa mula mismo sa sariling karanasan at sa mga pag-aalsang magsasaka sa Asya mula dekada 1920 hanggang sa kilusang Naxalbari sa India sa huling bahagi ng dekada 1960 at maagang bahagi ng dekada 1970.

Ang linyang antipyudal ay nasa balangkas ng pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Itinataguyod ng Partido ang namumunong papel ng uring manggagawa; itinatayo ang alyansang manggagawa-magsasaka bilang pundasyon ng rebolusyon; hinihimok ang peti-burgesya bilang isa sa mga saligang rebolusyonaryong pwera; hinihimok din ang panggitnang burgesya bilang isang positibong pwera, itinataguyod ang mga lehitimong interes nito habang nagiging mapagbantay sa dalawahan at mabuway nitong katangian; at sinasamantala ang kontradiksyon sa hanay ng mga reaksiyunaryo, inihihiwalay at winawasak nang paista-isa ang kapangyarihan ng pangkatin ng malalaking kumprador-panginoong maylupa na nasa poder, hanggang sa ang buong naghaharing sistema ay magapi.

Ang patakaran sa nagkakaisang prente ng Partido ay may layuning pukawin, organisahin at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan. Naglilingkod ito, pangunahin, sa pagtataguyod sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Kaalinsabay nito, sinasaklaw ang iba't-ibang anyo ng mga alyansa, pati na ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika, ang Pambansa-Demokratikong Prente (NDF) at mga ligal na alyansa. Itinataguyod nito ang lahat ng porma ng rebolusyonaryong pakikibaka habang itinataguyod ang armadong pakikibaka bilang pangunahing porma ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Ang BHB ang instrumento ng Partido at sambayanan para wasakin ang kapangyarihang pampulitika ng mga reaksiyunaryo at hawanin ang landas para sa pagtatatag ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika hanggang sa ang kapangyarihan ng mga reaksiyunaryo, na nakatrensera pa sa kalunsuran, ay ganap nang maibagsak at mapalitan ng demokratikong estado ng bayan. Walang ibang paraan para makamit ang saligang pagkumpleto sa bagong-demokratikong rebolusyon. Pagkatapos nito, ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon ay maisasagawa na sa Pilipinas. Hindi matitinag na perspektiba ng BHB ang maging haligi ng depensa ng sosyalistang lipunan.

Naglulunsad ang BHB ng armadong rebolusyon ayon sa prinsipyo ng pag-asa-sa-sarili. Sa 25 taong kasaysayan nito, lumakas at sumulong ang BHB dahil sa partisipasyon at suporta ng mamamayan. Ang mga Pulang kumander at mandirigma ay natutong lumaban at magpaunlad ng kanilang kakayahang lumaban sa mismong takbo ng rebolusyonaryong pakikibaka. Halos lahat ng kanilang mga armas ay naipon sa pamamagitan ng mga taktikal na opensiba laban sa kaaway. Ang lahat ng naunang pagtatangka na mag-angkat ng sandata ay nagresulta sa maliit o walang benepisyo kundi man mga kapinsalaan. Sa ilalim ng mga kasalukuyang pandaigdig na sirkunstansya, kinikilala ng BHB nang higit kailanman na kailangan nitong ilunsad ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka nang umaasa-sa-sarili.

Ang BHB ay ginagabayan ng prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo. Sa pamamagitan ng paglulunsad ng matagalang digmang bayan sa ilalim ng pamumuno ng Partido, ang BHB ay gumagampan sa internasyunal na tungkulin nitong lumaban — tulad ng proletaryado at mamamayan ng buong daigdig — sa imperyalismo at lahat ng reaksiyon para sa maningning na kinabukasan ng sosyalismo at komunismo. Sa pamamagitan ng paglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka na umaasa-sa-sarili, signipikante at malaki ang maiaambag nito sa adhikain ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon. Pagwawasak sa sarili ang umasa sa materyal na suporta mula sa ibang bansa.

Ang rebolusyong Pilipino ay makikinabang mula sa pagbangon ng mga rebolusyonaryong kilusan na pinamumunuan ng proletaryado sa buong daigdig at mula sa suportang pulitikal at moral ng proletaryado at mamamayan ng daigdig. Ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas ay laging bukas sa materyal na tulong mula sa ibang bansa ngunit hindi kailanman ito magiging dependyente dito. Ang tagumpay ng rebolusyong Pilipino ay makasasalig lamang sa rebolusyonaryong kamulatan, lakas at pakikibaka ng proletaryado at mamamayang Pilipino.

## **II. ANG MARTSA PASULONG NG BAGONG HUKBONG BAYAN**

Matapos ang muling-pagtatatag noong 1968, itinalaga ng Partido ang mga proletaryong rebolusyonaryong kadre sa kanayunan upang ipagpatuloy ang armadong rebolusyon. Mapagpasya silang humakbang nang itaguyod nila ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, isulong ang pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at itakwil kapwa ang mga rebisyunistang taksil na Lava at pangkating gangster na Taruc-Sumulong.

### **A. Panahon ng Pagkakabuo ng BHB, 1969-1979**

Ang mga proletaryong rebolusyonaryong kadre ay sumanib sa mabuting bahagi ng mga labi ng lumang hukbong bayan at binuo ang BHB 25 taon na ang nakalipas. Ang BHB ay nagsimula sa 60 gerilyang iskward lider at mandirigma na may siyam na awtomatik na riple at 26 na single-shot na riple at maikling baril at may baseng masang 80,000 sa ikalawang distrito ng probinsya ng Tarlac sa Gitnang Luzon.

Ang anumang nagawang manahin ng Partido mula sa naunang armadong rebolusyonaryong kilusan ay iniangat nito sa bago at mas mataas na antas, sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Simula't sapul, ang Komite Sentral ng Partido ang namuno at gumabay para palakasin ang BHB sa pamamagitan ng rebolusyonaryong edukasyon, gawaing masa, reporma sa lupa at taktikal na opensiba laban sa kaaway sa inisyal na larangang gerilya; at kagyat na nagsanay ng mga kadre para sa pambansang pagpapalawak, partikular sa Hilagang Luzon, Timog Luzon at sa Kabisayaan.

Noong Abril 1969, pinakilos ng Partido ang libu-libong magsasaka mula sa Tarlac para sumama sa mga manggagawa at kabataan sa isang demonstrasyon na may bilang na 15,000 sa Maynila laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Nagsilbi ito para

pahigpitin ang pagtangan ng muling-tatag na Partido sa pinakamataas na inisyatiba sa ligal na demokratikong kilusan, at gayundin, para pabulaanan ang paghamak ng mga rebisyunistang taksil na Lava na ang Partido ay Maoista ngunit wala namang tagasunod sa hanay ng mga magsasaka.

Noong Mayo 1969, pinagtuunan ng pansin ng Plenum ng Komite Sentral ng Partido ang paglalapat sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas, nilagom ang rebolusyonaryong karanasan sa Gitnang Luzon, higit pang inilinaw ang estratehiya at taktika ng matagalang digmang bayan at isinanib sa Partido ang mga beteranong kadreng magsasaka at Pulang mandirigma mula sa lumang rebolusyonaryong kilusan.

Idiniin ang pangangailangan para sa pambansang pagpapalawak. Tinukoy ang mga estratehikong lugar sa bansa at kalupaang mas paborable para sa pakikidigmang gerilya kaysa sa kapatagan ng Gitnang Luzon para sa pagtatalaga ng mga kadre para sa ekspansyon. Kaaalinsabay nito, inilatag ang mga plano para sa pagpapalawak sa Gitnang Luzon, para sa pangigingibabaw sa pangkating gangster na Taruc-Sumulong at para magsilbi ang rehiyon na panimulang base para sa pambansang pagpapalawak. Pinagpasyahan din ng Plenum na mangalap ng tulong mula sa ibang bansa.

Masiglang naglimbag at ipinalaganap ng Partido ang mga dokumento ng pagtatatag ng Partido at Hukbo at ang mga akda ni Mao Zedong at ang mga dakilang sinundan niya sa pandaigdigang kilusang komunista. Bago magtapos ang 1969, nailabas ang LIPUNAN AT REBOLUSYONG PILIPINO at nagsilbi itong batayang teksto para sa edukasyong pampartido at pangmasa sa kasaysayan ng Pilipinas, mga batayang suliranin ng sambayanang Pilipino at bagong-demokratikong rebolusyon.

Mula maagang bahagi ng 1969 hanggang 1970, umabot ang armadong lakas ng BHB sa Gitnang Luzon sa 200 awtomatik na riple bunga ng mga taktikal na opensiba. Ang baseng masa ay mabilis na lumawak sa Isabela sa Hilagang Luzon, habang ang mga kadreng nagpapalawak na nakatalaga sa isla ng Negros



sa Bisayas ay nabigo noong 1969, dahil sa di-napapanahong paglalantad ng sandata bago pa man sila makapagsimula ng pag-oorganisa ng baseng masa. Habang matagumpay, ang armadong pakikibaka sa inisyal na larangang gerilya sa Gitnang Luzon ay nagsilbing makapangyarihang inspirasyon sa ligal na demokratikonng kilusan na rumurok sa Sigwa ng Unang Kwarto noong 1970. Sa serye ng mga aksyong masa, na ang bawat aksyon ay nilahukan ng mula 50,000 hanggang 100,000 mamamayan, umalingawngaw sa mga lansangan ng Maynila-Rizal ang islogang “Digmang Bayan Sagot Sa Batas Militar!”

Bilang reaksiyon sa mga matutunog na tagumpay ng rebolusyonaryong pwersa, naghangad ang rehimeng US-Marcos na sugpuin hangga’t maaga ang BHB at naglunsad ito ng kauna-unahang kampanyang panunupil militar — ang “Operation Prophylaxis” — sa kalagitnaan ng 1969, nagsagawa ito ng mga masaker, kinonsentra ang isang buong dibisyon (Task Force Lawin) laban sa maliit na pwersa ng BHB at nag-organisa ng mga pwersang paramilitar na tinawag na “barrio self-defense units”. Ang baseng masa ng BHB ay relatibong malalim dahil sa mahabang rebolusyonaryong karanasan ng mamamayan at sa pinaunlad na mga komiteng pang-organisa ng baryo ayon sa antipyudal na linya sa uri. Subalit ito’y makitid. Pagdating ng huling bahagi ng 1970, nagtagumpay ang kaaway na guluhin ang baseng masa at mga rebolusyonaryong pwersa sa pamamagitan ng malaking konsentrasyon ng pwersa.

Matapos makuha ang mga sandata ng pangunahing yunit ng BHB sa isang reyds sa kampo nito sa mga bundok ng Tarlac-Zambales, ang kaaway ay nagyabang na nalipol na ang BHB. Lingid sa kanyang kaalaman, ang mga kadre sa pagpapalawak ng Partido at BHB ay nakapagpaunlad na ng higit na mas malawak na baseng masa na may 150,000 katao sa probinsya ng Isabela sa Hilagang Luzon noong 1970, na maituturing na kahanga-hanga, dahil sa unang pagkakataon, ang rebolusyonaryong pwersa na pinamumunuan ng proletaryado ay nakakuha ng malawak na base sa Hilagang Luzon. Bilang sagot sa pagmamalaki ng kaaway na nalipol na nito ang BHB, isang yunit ng BHB ang nag-reyds sa armori ng Philippine Mili-

tary Academy sa Lunsod ng Baguio sa huling araw ng 1970 at kumumpiska ng maraming awtomatik na riple sa isang ispesyal na operasyong pinamunuan ng Komite Sentral ng Partido.

Noong 1971, ang pakikidigmang gerilya ng BHB ay nagsimula na sa Distrito ng Partido sa Camarines Sur sa Bikol at tumawag na ng pansin ng buong bansa. Sa kalagitnaan ng 1971, ang mga sonang gerilya ng BHB sa Hilagang Luzon ay umabot na sa sub-probinsya ng Aurora, Nueva Viscaya, Quirino at Ifugao. Sa huling bahagi ng 1971, ang BHB sa Isabela ay mayroon ng 200 awtomatik na riple, at mga 500 shotgun sa kamay ng mga milisya at may baseng masang 300,000. Ang pagkalusaw ng pangkating gangster na Taruc-Sumulong ay nagbukas din sa buong Gitnang Luzon para sa pagpapalawak ng BHB.

Sa panahon ng 1969-71, mahusay na sinunod ng Partido ang patakaran sa pakikipagkaisang prente na makipagtulungan sa mga alyado at samantalahin ang mga isplit sa hanay ng mga reaksyunaryo upang makakuha ng gamit militar at pinansya, manyutralisa ang mga lokal na opisyal ng reaksyunaryong pamahalaan at mga pwersang pulis sa munisipyo at padaliin ang paglaki ng BHB, lalo na sa Tarlac, Isabela at Ifugao. Posible ito dahil ang naghaharing sistema ay laging may mga bitak bunga ng mga kongkretong kontradiksyon sa pulitika at ekonomya sa hanay mismo ng mga reaksyunaryo.

Noong Hunyo 1971, nilagom at pinaghalawan ng mga aral ng Plenum ng Komite Sentral ng Partido ang rebolusyonaryong karanasan sa Gitnang Luzon, Hilagang Luzon, Maynila-Rizal, Timog Luzon at isla ng Negros. Nagtalaga ng mga kadre ng Partido upang magbuo o magpalakas ng mga komite ng Partido sa rehiyon at magpalawak ng pakikidigmang gerilya sa pitong rehiyon na sumasaklaw sa buong bansa. Mula sa mga karanasang nalagom at pinaghalawan ng aral, naipinal ng Plenum ang **PANG-ORGANISASYONG GABAY AT BALANGKAS NG MGA ULAT(OG/OR)**. Batay sa mga talakayan at konsensus sa Plenum, binalangkas at inilabas ng sentral na pamunuan ng Partido ang **MGA TUNTUNIN SA**

## PAGTATAYO NG REBOLUSYONARYONG PAMAHALAANG BAYAN at REBOLUSYONARYONG GABAY SA REPORMA SA LUPA(RGRL).

Upang higit pang mailapat ang teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at ang pangkalahatang linya ng bagong-demokratikong rebolusyon sa mga kongkretong kalagayan, ang mga komite ng Partido sa rehiyon ay inatasang magsagawa ng panlipunang pagsisiyasat at mga panimulang ulat. Ito ay kinakailangan para sa paglalalatag ng batayan para sa digmang bayan. Ginamit na halimbawa ang Panimulang Ulat sa Hilagang Luzon na isinulat noong 1969. Sa gabay ng OG/OR, nagsagawa ang mga kadre ng Partido at Pulang mandirigma ng kongkretong panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa kanilang mga partikular na erya ng operasyon upang masapol ang makauring linya sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa sa mga kampanyang masa laban sa mga lokal na mapagsamantala at masasamang elemento.

Mula 1971 hanggang 1974, ang pangkalahatang tunguhin ay ang pagbubuo ng organisasyon ng Partido at BHB sa mga rehiyon mula sa mga kasapi ng Partido at rebolusyonaryong aktibistang masa at magsimula ng gawaing masa at pakikidigmang gerilya sa mga estratehikong lugar. Ang suspensyon ng writ of habeas corpus noong 1971 at ang deklarasyon ng batas militar noong 1972 ay hindi nakasindak sa rebolusyonaryong pwersa at sambayanan sa halip ay nagtulak sa kanilang maglunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Nagtangka ang rehimeng US-Marcos, sa pamamagitan ng paggamit sa sarili nitong mga ahente at ilang taksil, na ibintang ang pagbomba sa Plaza Miranda noong 1971 kay Benigno Aquino at sa Partido, subalit nabigo ito nang ang mga inaasahang isasangkalan ay mahigpit na nagpabulaan sa bintang at malinaw na nakita ng publiko na ang masaker ay isang tantiyadong hakbang upang wasakin ang lahat ng oposisyon at bigyang-daan ang diktadurang Marcos.

Sa kabila ng mga malalaking kabiguan noong 1972-74, ang pangunahing katotohanan pa rin ay ang signipikanteng

paglaki at pagsulong ng Partido, BHB at iba pang rebolusyonaryong pwersa sa bawat taon. Ang paglawak sa buong kapuluan ng mga rebolusyonaryong pwersa ay higit na matimbang kaysa sa mga kabiguang naganap sa iba't-ibang lugar at panahon. Ang mga sandatahang pangkat pampropaganda ang naging pinakamahalagang salik sa pagsasakatuparan ng gawaing masa at pag-uugat ng Partido at BHB sa pinakapaborableng kalupaan upang isulong ang matagalang digmang bayan sa buong bansa.

Ang lahat ng organo ng Partido at BHB sa mga rehiyon (sa labas ng Maynila-Rizal) ay malalim na umugat at lumawak sa napakabilis na paraan. Ang mga organisasyon ng Partido at BHB sa Hilaga-kanlurang Luzon (Ilokos, Mountain Province at Pangasinan), Gitnang Luzon, Timog Katagalugan, Silangang Bisaya, Kanlurang Bisaya at Mindanao ay tuluy-tuloy na umunlad. Noong 1974, nagpasya ang Kawanihang Pampulitika ng Partido na bawasan ang mga nakatalaga sa sentral na mga organong istap na nakabase sa Maynila-Rizal at nagpadala ng malaki-laking bilang ng mga kasapi ng Partido at rebolusyonaryong aktibistang masa sa kanayunan dahil na rin sa umunlad na kakayahan ng mga organisasyon ng Partido sa mga rehiyon na saluhin ang mga ito.

Tatlong kumpanya ng BHB ang binuo sa Isabela noong 1971-72 kaugnay ng plano na sumalo ng mga inangkat na armas noong 1972. Matapos mabigo ang planong pag-aangkat, ang tatlong kumpanya ay maling pinanatili sa absolutong konsentrasyon. Ang dalawa dito'y nahiwalay sa magubat na bahagi ng Isabela, na nalimasan na ng kaaway ng populasyon mula pa noong huling hati ng 1972. Ang ikatlong kumpanya ay nalusaw sa Nueva Viscaya. Noong 1972-73, ang mga inisyal na sandatahang pangkat pampropaganda sa Mindanao ay nalipol dahil sa nilagpasan nila ang mga Bisayang magsasaka sa kapatagan at dumeretso sa mga armadong tribo sa kabundukan. Subalit ang mga rebolusyonaryong pwersa ay natuto sa karanasan at mas mahusay na naka-ugat sa mga sumunod sa taon.

Sa Kanlurang Bisayas, may mga kabiguang nagpaliit sa armadong lakas ngunit ang armadong pakikibaka ay nagpatuloy noong 1973-74. Sa Sorsogon, ang isang salat-sa-sandatang platon ay lumaki sa isang kumpanya noon ding 1973-74 subalit ang kumpanyang ito ay nalusaw noong 1974 resulta ng mga “Kaliwang” pagkakamaling adbenturista. Ang isang platon na labi ng nalusaw na kumpanya sa Nueva Viscaya ay lumaki sa isang kumpanya dahil sa mga taktikal na opensiba noong 1974-75 sa sub-probinsya ng Aurora. Subalit ang kumpanya ay kinailangang hatiin sa mga platon noong 1975, kung saan ang isang platon ay nagmartsa patungong Nueva Ecija at naging isang pwersa ng Gitnang Luzon.

Ayon sa desisyon ng Plenum ng Komite Sentral noong Mayo 1971, ang isa pang plano sa importasyon ng armas ay ipinatupad noong 1974 at muling nabigo nang may mas matinding epekto sa sariling saklaw nito. Tulad din noong 1972, ang kabiguan dito ay ginawan ng karampatang pagtatasa at pagpuna. Ang dalawang plano ng importasyon ay hindi nagpabago sa linya at ang kanilang epekto ay hindi mapagpasya kung ihahambing sa prinsipal na nakamit ng Partido at BHB, na pambansang pagpapalawak at konsolidasyon.

Noong 1974, higit pang isinanib ng **MGA PARTIKULAR NA KATANGIAN NG DIGMANG BAYAN SA PILIPINAS** ang teorya at estratehikong linya ng matagalang digmang bayan sa kongkretong kalagayan ng Pilipinas at nilagom ang mayamang karanasan na naipon sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Ito ay pinagtibay ng Komite Sentral ng Partido noong 1975 at kumprehensibo nitong ginabayan ang higit na pag-unlad ng digmang bayan.

Iniugnay ng dokumentong ito ang mga heograpikal at panlipunang kalagayan at maging ang pandaigdig na kalagayan sa matagalang digmang bayan sa Pilipinas. Higit pang nilinaw nito ang wastong estratehiya at taktika sa antas ng usapin sa mga uri at operasyon. Inihapag nito — kabilang ang iba pang punto — ang prinsipyo ng sentralisadong pamumunong pang-ideolohiya at pampulitika at desentralisadong operasyon; ang

linyang unahin ang mayor na mga isla saka isunod ang mga minor na isla; ang pangangailangan ng pag-asa-sa-sarili sa pagpapaunlad ng armadong pakikibaka; at ang paggamit kapwa sa armadong pakikibaka at nagkakaisang prente sa pagwasak sa mga blokeyo ng kaaway. Itinaas nito ang rebolusyonaryong kumpyansa ng Partido at BHB sa kondukta ng digmang bayan.

Sa pagtatapos ng 1975, sa panahon ng Plenum ng Komite Sentral ng Partido, ang bilang ng mga Pulang mandirigma ng BHB na may awtomatik na riple ay lumaki na sa isang libo, hindi pa kabilang ang nakararaming milisya at yunit sa pagtatanggol-sa-sarili. Ang lahat ng mga panrehiyong organo ng Partido at BHB, sa saligan, ay umaasa na sa sarili. Ang sentral na pamunuan ay hindi na kailangang magbigay ng subsidyo sa mga komite ng Partido sa rehiyon. Sa kabilang banda, hinikayat silang magsentralisa ng kanilang surplus para matulungan ang mas mahihinang mga komite sa rehiyon at para sa gawaing administratibo at edukasyon ng sentro ng Partido. Sa sukatan ng halaga ng adyenda at ginawang pagdaragdag ng mga kagawad ng Komite Sentral sa pamamagitan ng nominasyon at halalan, ang Plenum ay may bigat nang isang Kongreso ng Partido.

Batay sa mga diskusyon ng Plenum ng KS noong 1975, binalangkas at inilabas ng Komiteng Tagapagpaganap ng Partido ang ANG MAHIGPIT NATING MGA TUNGKULIN upang kumprehensibo at malalimang gabayan ang iba't-ibang aspeto ng mga rebolusyonaryong gawain ayon sa linyang antipasista, anti-imperyalista at antipyudal. Nilagom ng dokumento ang karanasan ng mga rebolusyonaryong pwersa hanggang 1975 at itinakda ang mga tungkulin para isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka sa mas mataas na antas. Idinetalye nito ang mga proseso at yugto ng gawaing masa, mula sa panlipunang pagsisiyasat hanggang sa pagbubuo ng mga organisasyong masa, organo ng kapangyarihang pampulitika at mga sangay ng Partido. Kasabay ng MGA PARTIKULAR NA KATANGIAN NG DIGMANG BAYAN SA PILIPINAS, nagsilbi itong praktikal na gabay sa pag-unlad ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Sa buong taon ng 1976, dumami ang mga sonang gerilya sa buong bansa. Sa papalaking bilang ng mga rehiyon, ang mga sonang ito ay pinagdugtong upang maging larangang gerilya, na binubuo ng mga konsolidadong sonang gerilya o mga istableng baseng gerilya at ng mas malaking bilang ng mga sonang gerilya. Ang sentro-de-grabidad ay karaniwang isang iskwad gerilya na napapaligiran ng mga nakakalat na iskwad na bawat isa'y responsable sa isang sonang gerilyang sinlaki ng isang munisipalidad at maaaring hatiin pa rin sa mga sandatahang pangkat pampropaganda. Signipikanteng lumaki ang bilang ng mga taktikal na opensibang laking platon.

Mula 1977 hanggang 1979, ang mga platon ang naging sentro-de-grabidad sa ilang mga rehiyon at larangang gerilya na umaalinsunod sa **MGA PARTIKULAR NA KATANGIAN NG DIGMANG BAYAN SA PILIPINAS** at **ANG MAHIGPIT NATING MGA TUNGKULIN**. Ang mga taktikal na opensiba ng BHB na mula laking-platon hanggang dalawa o tatlong platon ay higit na dumami. Ito ang panahon kung saan ang mga pwersa ng BHB sa Silangang Bisayas, partikular sa isla ng Samar, ay nakatawag ng pambansang atensyon sa kanilang mga tagumpay sa pakikidigmang gerilya at gawaing masa. Ang mga pwersang gerilya ay patuloy na lumakas kahit nagkonsentra ang kaaway ng mas malalaki pang pwersa laban sa kanila.

Nang maaresto ang mga pangunahing lider ng Partido noong 1976 at 1977, isang bagong sentral na pamunuan ang umako ng responsibilidad noong Nobyembre 1977. Noon pa lamang 1978, ang ilang elemento sa sentral na pamunuan at ilang kagawad mula sa mga istap ay nagsimulang magharap ng pananaw, kahit na walang kongkreto panglipunang pagsisiyasat, na ang Pilipinas ay mas urbanisado at industriyalisado kaysa sa Tsina sa yugto ng kanyang bagong-demokratikong rebolusyon at sa gayon ay mas mahalaga daw ang pakikibaka sa lunsod sa Pilipinas kaysa sa Tsina. Ang ilan sa mga elementong ito ay nagpakalat ng “Kaliwang” oportunistang pananaw na ang mga pag-aalsang lunsod ang magiging susi sa pag-igpaw mula sa maagang subyugto tungo sa abanteng subyugto ng digmang bayan kahit na ang BHB ay mayroon lamang 2,000 awtomatik

na baril. Ang iba nama'y nagkalat ng Kanang oportunistang pananaw na ang ligal na pakikibakang lunsod ay may mapagpasyang halaga ngunit ito'y pinababayaan ng Partido.

## **B. Mabilis na Pagsulong, Tunggalian ng Dalawang Linya at Pagwawasto**

Mula 1980 hanggang 1983, ang palagiang krisis ng malapyudal at malakolonyal na sistema ay lalong lumalim at mabilis na lumala. Itinulak nito ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Sa gabay ng ANG MAHIGPIT NATING MGA TUNGKULIN, pinabilis ng Partido at BHB ang pagbubuo ng mga larangang gerilya at yunit gerilya at ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa. Hanggang 1981, signipikanteng bilang ng mga kadre ng Partido at aktibistang masa mula sa kalunsuran ang itinalaga sa kanayunan. Ang bilang ng mga baryo na saklaw ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ay lumaki nang higit sa 1,200 taon-taon. Daan-libong magsasaka ang nabenipisyuhan ng hayag at lihim na pagpapatupad ng minimum na programa sa reporma sa lupa. Sinaklaw ng mga larangang gerilya ang halos buo-buong mga probinsya o malalaking bahagi ng mga probinsya. Yaong nasa Mindanao, Samar, Negros at Bikol ay sumakop ng aabot sa 2/3 hanggang 3/4 ng kabuuang sukat ng lupa at bilang ng mga baryo. Umabot ang mga ito sa mga matataong lugar, kabilang na ang paligid ng mga sentrong bayan, tabing haywey, baybay-dagat at kapatagan.

Noong 1981 ang mga mandirigma ng BHB na nasasandatahan ng awtomatik na riple ay aabot ng 3,000. Ang mga platun ng BHB ay nabuo na sa mga pinakaabanteng larangang gerilya at umabot na sa 34 sa buong bansa pagdating ng 1982. Umabot na sa mahigit 200 ang mga iskwad ng BHB. Ang BHB ay pangunahing nag-ukol ng pansin sa gawaing masa. Ang mga iskwad at platun ay nakakakumpiska sa kaaway ng humigit-kumulang 900 riple kada taon mula 1981 hangang 1983.

Gayunpaman, sa panahon ding iyon ng 1981-83, naging magiit sa Komite Sentral ang oportunistang linya. Kung kailan lalong lumubha ang palagiang krisis ng naghaharing sistema na



mas paborable para sa digmang bayan, saka naman ginamit ng mga oportunistang Kanan at “Kaliwa” ang 1980 Plenum ng Komite Sentral upang maghasik ng duda sa kawastuhan ng pagsusuri ng Partido sa lipunang Pilipino bilang malakolonyal at malapyudal at nagpalutang ng ideya na kailangang gawan ng kaunting pagbabago ang estratehikong linya ng matagalang digmang bayan para mailipat ang diin ng gawain tungo sa nakabase-sa-lunsod na pakikibakang ligal at insureksyunaryo nang sa gayo’y maka-igpaw mula sa maagang subyugto tungo sa abanteng subyugto ng estratehikong dependsiba. Gayunpaman, ang Plenum ng Komite Sentral noong 1980 ay patuloy na nanindigan sa pang-ideolohiya at pampulitikang linya ng Partido at sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan, pinunuan ang hanay ng mga kagawad ng Komite Sentral at itinakda ang 16 na komite ng Partido at kumand ng hukbo sa rehiyon sa ilalim ng mga inter-rehiyunal na komisyon na tinawag na komisyonang teritoryal.

Noong 1981, nagpasya ang Kawanihang Pampolitika na itulak ang “Kaliwang” oportunistang linya ng pag-igpaw mula sa maagang subyugto tungo sa abanteng subyugto ng estratehikong dependsiba sa pamamagitan ng mga insureksyon sa mga pangatlo at pang-apat na klase ng munisipyo at nagpanukala ng linya ng “stratehikong kontra-opensiba” bilang ikatlo at huling yugto ng estratehikong dependsiba sa pamamagitan ng “regularisasyon” ng mga pwersang gerilya at pagpapatindi ng pakikidigma. Sa palagay na ang Pilipinas ay 40 porsiyentong kalunsuran at 60 porsiyentong kanayunan, isang pormula ang itinakda kung saan ang bilang ng mga kadre ng Partido at armadong pwersa ay itatalaga ayon sa ganitong sukatan. Ito ang nagsilbing batayan ng pagbase sa lunsod ng sentral na pamunuan ng Partido at ng pasalungat na agos ng mga kadre mula kanayunan tungong kalunsuran.

Ang pagbase sa lunsod ng sentral na namumunong organo at istap ay lalong nag-engganyo sa mga Kanang oportunista upang palakihin ang kahalagahan ng kanilang mga gawaing lunsod at palakihin ang kanilang impluwensya sa pamamagitan ng pagtangan at paggastos ng pondo mula sa mga

dayuhang ahensyang tagapondo. Lumikha sila ng maraming opisina sa lunsod at humatak ng mga batang kasapi ng Partido at masang aktibista na dapat sana'y napunta sa kanayunan upang maglingkod sa hukbong bayan. Nangahas silang magtaguyod ng linya ng paglikida sa pamumuno ng Partido sa nagkakaisang prente, partikular sa mungkahing baguhin ang Pambansa-Demokratikong Prente sa binansagang "Bagong Katipunan" sa dahilang magiging mas kaakit-akit ang rebolusyonaryong kilusan sa mga anti-Marcos na seksyon ng burgesya.

Mula 1981, ang mga Kanang oportunista ay nagpakalat ng burador ng programa ng "Bagong Katipunan" na malubhang lumayo sa PROGRAMA PARA SA DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN NG PARTIDO at nagpalaganap sa linyang nagpapaubaya ng inisyatiba sa mga reaksiyunaryong anti-Marcos at mga liberal na peti-burgesya at nagdedeliber rin sa kanila ng masang inorganisa ng Partido. Ang mga proletaryong rebolusyonaryong kadre, lalo na ang nagmula sa mga komiteng rehiyon at organisasyon ng Partido, ay mahigpit na pumuna sa mga Kanang oportunista at naggiit na iatras ang kanilang burador.

Noong 1982, binuwag ng sentral na pamunuan ang Komisyon sa Edukasyon at Propaganda at ang Pambansang Kawanihan sa Instruksyon ng Komite Sentral. Ang pag-ako sa mga batayan at intermedyang kurso ng Partido ay ipinasa sa mga komisyong interehiyunal at mga komiteng rehiyon habang ang mga abanteng kurso ng Partido at ang publikasyong teoretikal ay ibinigay sa Komite Tagapagpaganap ng Komite Sentral. Ang resulta ay ang pagkaunti hanggang sa mawala ang mga kurso ng Partido at mga materyal sa pag-aaral, kabilang na ang mga batayang dokumento ng Partido, dahil sa naitulak ang Partido at BHB sa lahat ng antas na magtutok ng pansin at rekurso sa militar at iba pang mga praktikal na tungkulin sa pampulitikang pakikibaka.

Napabayaan ang Marxista-Leninistang edukasyong teoretikal at pulitikal noon pa namang panahon na ang mga kasapi ng Partido at mga kumander ng BHB ay naiaangat sa mas mataas

na mga posisyon bunga ng tulak na “magregularisa”, kumpletuhin ang “abanteng subyugto” ng estratehikong depensiba at maabot ang huling subyugto ng “stratehikong kontra-opensiba”. Ang mga rekurso ay madaling nakukuha kung ito’y para sa mga pagsasanay militar at para pambili ng mga bala, baril, radyo, computer, kotse at iba pang pasilidad para sa lihim na pagkilos sa kalunsuran; subalit hindi para sa edukasyong teoretikal at pulitikal at produksyon ng mga materyal sa pag-aaral.

Sa impluwensya ng maling linya na itinakda ng pulong ng Kawanihang Pampolitika noong 1981, ang mga susing kagawad ng Komisyon sa Mindanao at ng Komiteng Tagapagpaganap nito ay nagdisenyo ng sariling “Kaliwang” linyang oportunista na nagkumbina ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar noong 1982. May mali silang palagay na ang estratehikong linya ng Partido ng matagalang digmang bayan ay humahadlang sa pagbibigay halaga sa gawain sa mga puting purok, ligal na pampulitikang pakikibaka sa kalunsuran at internasyunal na gawain (lalo na kaugnay ng paghingi ng tulong militar at pinansyal mula sa Unyong Sobyet at mga bansang kaugnayan nito). Pinagtibay at ipinalaganap nila ang linya na ang insureksyong lunsod ang pinakamataas na porma ng pakikibakang pulitiko-militar — na makakamit sa pamamagitan ng pawalis na propaganda, mga aksyong masa sa kalunsuran at pakikidigmang partisano sa lunsod— at ang BHB ay isang purong militar at pumapangalawang pwersa na naglilingkod sa insureksyong lunsod.

Mula noong asasinasyon kay Benigno Aquino noong 1983 hanggang sa pagbagsak ni Marcos noong 1986, ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ang ligal na demokratikong kilusang masa ay dumaluyong pasulong sa paraang walang kaparis sa nakaraan. Ang BHB ay pangunahing nagsagawa ng pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan. Sa pamamagitan ng mga taktikal na opensiba, ang BHB ay naka-agaw ng humigit-kumulang 1,000 riple kada taon, kabilang na ang mga mortar at masinggan, nakahuli o nakapatay ng mga matataas ang ranggong opisyal ng militar at pulis (kabilang ang mga heneral) at malawakang gumamit ng komunikasyong

pangradyo, mina at iba pang eksplosibo. Ang antas ng kasanayang militar, teknika, paniniktik at gawaing medikal ay tumaas subalit nagsimulang ihiwalay ng mga “Kaliwang” oportunista ang mga aspetong militar ng pakikibaka sa linya sa ideolohiya at pulitika ng Partido.

Magkasabay na kumilos sa kani-kaniyang paraan, ang mga “Kaliwa” at Kanang oportunista upang pahinain at tuligsain ang linya sa ideolohiya at pulitika ng Partido. Ang mga “Kaliwang” oportunista sa Mindanao ay nagpatupad ng kanilang linya ng pagkukumbina ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar at nagdulot ng pinsala sa rebolusyonaryong kilusan. Ang mga Kanang oportunista ay abala naman sa pagbubuo ng mga ligal na koalisyon sa pamumuno ng mga personaheng burges na anti-Marcos, pagpapalabnaw ng programa ng rebolusyonaryong pakikibaka at pagpapalabo sa namumunong papel ng Partido; at, tulad ng mga “Kaliwang” oportunista, winalang-bahala nila ang pagbubuo ng bag-as ng Partido sa militanteng kilusang masa. Ang linya ng mga Kanang oportunista ay naikubli ng tunay na pangangailangang palaparin ang hanay ng mga pwersa upang mapabagsak ang pasistang diktadura.

Mula 1983 hanggang 1985, ang tulak sa Mindanao ay palakihin sa 15 ang bilang ng kumpanya sa pamamagitan ng pagbubuo ng 10 bagong kumpanya. Ang pagbubuo ng mga kumpanyang ito ay nangangahulugang titipunin ang mga dating nakakalat na iskwad at platun sa mga absolutong nakakonsentrang pangunahin at segundaryong panrehiyong yunit gerilya na hiwalay sa gawaing masa. Ang terminong “buong-panahong mandirigma” ay binigyan ng bagong kahulugan na ganap na konsentrasyon sa gawaing militar at pagkahiwalay sa gawaing masa. Ang paggampan ng mga Pulang mandirigma sa gawaing masa ay tinuring na konserbatismo at “pagtaliwas” sa dapat na maging prinsipal na tungkulin ng BHB.

Ang pagpapabaya sa gawaing masa ay nagresulta sa pagnipis at pagkitid ng baseng masa. Sa rurok ng diin sa pagbubuo ng mga kumpanya, aabot sa 70-80 porsyento ng mga mandirigma

ay konsentrado sa mga pangunahin at secondaryong panrehiyong yunit gerilya at tanging 20-30 porsyento ang nakatalaga sa mga iskwad at platun para sa gawaing masa. Pagdating ng 1984, ang lahat ng mga kumpanya ay nasa hiwalay at pasibong pusisyon at dumanas ng malalaking pag-atras nang patindihin ng kaaway ang mga estratehiko at taktikal na opensiba sa isang sitwasyong lantay militar na ibinunga ng “Kaliwang” oportunistang pagkakamali.

Isinisi ng mga “Kaliwang” oportunista ng Komisyon sa Mindanao ang mga malalaking kabiguan noong 1984 sa mga “deep-penetration agents” (DPA’s) at nagpakalat sila ng matinding dudahan sa loob ng Partido at BHB. Sa pahintulot ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komisyon ng Mindanao, ang binansagang nitong Caretaker Committee ay naglunsad noong 1985 ng kampanyang anti-DPA, na may kodang Kampanyang Ahos. Sangkot dito ang pagpatay at pagtortyur sa daan-daang kasapi ng Partido, Pulang mandirigma, masang aktibista at alyado na pinaghinalaang mga DPA. Niyurakan ang karapatan ng mga biktima sa ganap na paglabag sa BATAS NG MGA KARAPATAN sa MGA TUNTUNIN SA PAGTATAYO NG REBOLUSYONARYONG PAMAHALAANG BAYAN, sa SALIGANG BATAS NG PARTIDO at sa MGA TUNTUNIN NG BHB.

Sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng muling-tatag na Partido at ng BHB, ang sunud-sunod na pagkatalo sa ilang mga panrehiyong organisasyon sa Mindanao ay nagbunga ng pagbaba sa kanilang pambansang pagsulong noong 1985. Pagdating ng 1986, ang kasapian ng Partido sa Mindanao ay lumiit mula 9,000 tungong 3,000, ang labinlimang kumpanya at 30 platun ay lumiit sa dalawang kumpanya at 17 platun at ang baseng masa ay lumiit ng mahigit sa 50 porsyento. Sa kabila ng matinding pinsala sa Mindanao, ang kabuuang paglaki ng BHB ay humigit-kumulang 1,000 riple kada taon mula 1983-86 dahil sa pag-abante ng mga panrehiyong organisasyon ng Partido at hukbo sa Bisayas at Luzon.

Napakapaborable ng mga obhetibong kalagayan para sa pagsulong ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Ang pasistang diktadura ay sumailalim sa pinakamatindi nitong krisis at pagkalansag dahil sa galit ng publiko sa pagkapaslang kay Aquino. Ang ligal na demokratikong kilusang masa at ang armadong rebolusyonaryong kilusan ay sabayang nagbibigay ng nakamamatay na dagok sa rehimen. Bagama't ang mga oportunistang linya ay nagsimula nang magpahina sa rebolusyonaryong kilusan, hindi pa rin mapangibabawan ng mga ito ang wastong linya at ang naipong lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa sa buong bansa.

Sa Plenum ng KS noong 1985, ang mga “Kaliwang” oportunista na pinagmulan ng kapahamakan sa Mindanao ay taas-noo pa sa kanilang pag-aastang mga matatagumpay na taga-plano ng estratehiya at taktika at maylakas loob pang igiit na likidahin na ang linya ng matagalang digmang bayan. Ang taong namuno sa atake sa wastong linya (Ricardo Reyes) ay siya ring sumulat noong 1984 — sa ngalan ng Komisyon ng Mindanao subalit walang pahintulot nito — ng dokumento na higit pang nagpapalawig sa linya ng pagkumbina ng insureksyunismong lunsod sa adbenturismong militar.

Tinuligsa ng sentral na pamunuan ang pag-atake sa linya ng Partido sa pamamagitan ng paggigiit sa mga dokumento ng pagtatatag ng Partido at BHB subalit itinaguyod pa rin ang linya ng “regularisasyon” at “estrategikong kontra-opensiba” na nagbunga sa linya ng pagkumbina sa insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar at nagtulak sa mabilis na pagkambyo tungo sa regular na pakikidigmang makilos at ikinalat ang ideya ng paglalaro sa insureksyong lunsod. Ang Plenum ng 1985 ay bumalangkas ng tatlong-taong programa para sa pagkamit sa “estrategikong kontra-opensiba” sa pamamagitan ng pagbubuo ng marami pang mga kumpanya (regular at gerilya) at maging mga batalyon, pagtataas ng antas ng pakikidigmang gerilya sa regular na pakikidigmang makilos at pagpapatindi ng digmaan.

Ang mga tungkulin at layuning binalangkas ay masyadong mataas para sa antas ng pag-unlad at aktwal na

kapasidad ng mga rebolusyonaryong pwersa. Kabilang dito ang hangad sa mapagpasyang rebolusyonaryong pagpapabagsak sa buong reaksyunaryong estado kasama na ang rehimeng US-Marcos. Dagdag pa dito, itinaas ng Plenum ang mga pangunahing arkitekto ng “Kaliwang” oportunistang linya sa Mindanao (Romulo Kintanar, Benjamin de Vera at Ricardo Reyes) sa mga susing posisyon sa sentral na pamunuan ng Partido at pambansang istap militar ng BHB dahil sa inilihim ng mga taksil na ito sa Komite Sentral ang mga matitinding kabiguan (na nagsimula noong 1984) at ang Kampanyang Aho (na nagsimula noong 1985) sa nasabing isla.

Simula 1985, ang Kawanihang Pampulitika at Komisyong Militar na siksik na ng mga “Kaliwang” oportunista — at ang pambansang istap militar (na binago ang tawag sa Pangkalahatang Kumand noong 1988) ay nagtulak sa mapaminsalang linya ng pagkumbina ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar sa buong bansa. Mula 1986, ang iba’t-ibang rehiyon sa pana-panahon ay nagtamo ng kabiguan resulta ng kanilang mga paglalapat sa “Kaliwang” oportunistang linya.

Kabilang sa mga ito ang sumusunod: ang konsepto ng Komisyon sa Timog Luzon na “tagumpay sa loob ng tatlong taon” sa loob ng “fast-track/slow-track na insureksyon” noong 1986; ang bersyon ng Komite ng Partido sa Rehiyon Timog Katagalugan noon ding 1986 (na itinulad sa pamamaraang “pol-mil” ng Mindanao), na nagtakda ng pitong syudad at kapitolyo ng mga probinsya bilang mga “flashpoints ng insureksyon” at pag-target sa 1990 para sa mga lokal na insureksyon; ang pagkokonsentra ng mga yunit gerilya sa ilalim ng rehiyunal na kumand sa Bikol noong 1987; ang “preparasyon para sa mga rekisitos ng SCO” ng Komisyon sa Hilagang Luzon noong 1986-88, na kasama ang bersyon ng Cagayan-Apayao-Ilocos Norte (CAIN) ng “pagtibag sa solidong Norte” at ang bersyon ng Viscaya-Quirino ng paghahangad ng “lokalisadong estratehikong pagkapatas”; ang “lumaban para manalo, tagumpay sa loob

ng isang taon” sa pamamagitan ng insureksyon sa Gitnang Luzon nito lamang 1991; ang “ikalawang pag-aalsang Edsa” o “bugso” ng komite ng Partido sa rehiyon ng Maynila-Rizal sa ilalim ni Lagman mula 1990 hanggang 1992; at iba pa.

Ang pambansang pagpapatupad sa maling linya ay rumurok sa pagtutulak sa pagbubuo ng 36 na kumpanya at ilang mga batalyon mula 1986 hanggang 1988. Ito’y nangangahulugan ng paglalagay ng mahigit sa 60 porsyento ng mga Pulang mandirigma sa mga wala-sa-panahong malalaking pormasyon na absolutong nakakonsentra para sa mga gawaing militar at pag-iwan sa di-hihigit na 40 porsyento nito sa mga maliit na yunit sa gawaing masa. Sa Bisayas, ang punong tagapaglako ng “Kaliwang” oportunismo, si Arturo Tabara, ang nagtulak sa mabilisang pagbubuo ng 15 kumpanya at isang batalyon hanggang 1988, na nagbunga ng biglang pagliit ng baseng masa na umabot sa mahigit na 50 porsyento. Sa mga pinakamasahol na kaso sa mga partikular na rehiyon at larangang gerilya, 80 porsyento ng mga Pulang mandirigma ay itinalaga sa mga pangunahing yunit gerilya na hiwalay sa gawaing masa at 20 porsyento ang nasa mga maliliit na yunit sa gawaing masa. Noong 1987, signipikanteng bilang ng mga kumpanya ang nakakaranas ng matitinding suliranin sa disiplina at kagaspangan sa kanilang hanay.

Hindi pare-pareho ang antas ng pagpapatibay at pagpapatupad ng “Kaliwang” oportunistang linya sa iba’t-ibang mga rehiyon. Nakairal pa rin ang wastong linya sa pagitan ng pagpapasya at pagpapatupad ng maling linya. Mahalaga pa dito, nang mapatunayan sa praktikang mali ang linya, ang mga kasamang tapat sa armadong rebolusyon ay nagsagawa ng kani-kanilang pagsasaayos at pagwawasto. Kung wala ang mga ito, lalo sanang mahirap para sa sentral na pamunuan na ilunsad ang komprehensibong kilusang pagwawasto noong 1992.

Hanggang sa panahong 1987, lumawak pa ang mga larangang gerilya sa Hilagang Luzon kahit hinarap nila ang bigat ng mabagsik na mga kampanya sa panunupil ng kaaway. Ang bilang ng mga baryong nasa ilalim ng mga lokal na organong



kapangyarihang pampulitika ay napanatili pa sa Bisayas. Noong 1987, ang pambansang istap militar ay naglunsad ng bigong kampanyang anti-"low-intensity conflict" at "pambansang koordinadong kampanya" na binuo ng humigit-kumulang 600 na mayor at maliliit na operasyong kalakhan ay gasgasan na tumarget sa matitigas na bahagi ng kaaway, at sa gayo'y umaksaya ng maraming bala at iba pang rekurso. Ang mga insureksyunista sa Maynila-Rizal at ilan pang lunsod ay nagpatindi rin sa mga operasyon ng mga armadong partisanong lunsod sa kumpas na nakakapinsala sa ligal na demokratikong kilusang masa, lalo na sa mga komunidad ng maralitang lunsod. Noong 1988, pagkaraan ng mapaminsala't magarbong balak ng mga militarista't insureksyunista noong 1987, nagkaroon ng malawak na pagkilala sa loob ng Partido at BHB na maraming pagkakamaling naganap at ang mga ito'y kailangang iwasto.

Noong 1988, naglunsad ang kaaway ng matitinding atake na walang kaparis sa nakaraan laban sa mga rebolusyonaryong pwera sa kalunsuran at kanayunan. Ito ay isang rurok ng kanyang kampanyang panunupil na papatindi na mula pa 1984. Ang mga sentral na organo ng Partido na nakabase sa kalunsuran at pangkalahatang kumand ng BHB ay napuruhan ng mga reyd ng kaaway. Noon ding 1988, napansin na ng mga proletaryong rebolusyonaryo sa sentral na pamunuan ng Partido ang 12 porsiyentong pagbagsak ng baseng masa ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan at ang pagdalang ng mga taktikal na opensiba ng BHB at nagsimula nang makita ang pananabotahe ng mga pasimuno ng insureksyunismong lunsod na tumama sa ligal na demokratikong kilusang masa.

Resulta ng mga reyd sa mga lihim na bahay nito sa lunsod, ang pangkalahatang kumand ng BHB ay nawalan ng maraming tauhan, dokumento, pondo, istak na mga kagamitang elektronik, mga sasakyang panlupa at pandagat. Isang proyekto sa pag-aangkat ng armas ang nabigo na mas magastos pa kaysa sa mga naunang kaparehong proyektong inilunsad noong 1972 at 1974, pwera pa ang malaking gastos sa proyekto ng pakikipagkaibigan sa mga partidong kaugnayan ng Sobyet at pangangalap ng donasyong armas mula pa 1986.

Sinimulan nang punahin ng pahayag sa anibersaryo ng Partido noong 1988 ang mga oportunistang linya, mga disbalanse sa gawain at ang mga masasamang epekto nito. Tumutol ang mga oportunista sa maraming bahagi ng pahayag at lumikha ng mga amyenda pabor sa kanilang mga paninindigan. Gayunpaman, pinagpasyahan sa pulong ng Kawanihang Pampulitika noong 1989 na bawasan ang target para sa bertikalisasyon ng pwersa at muling italaga ang mga pwersa sa gawaing pagpapalawak, pagrekober, at pagkonsolida ng baseng masa. Malugod na tinanggap ng mga proletaryong rebolusyonaryong kadre sa organisasyon ng Partido at hukbo sa mga rehiyon ang mga pagtutuwid at pagbabago.

Sa pahayag ng Partido sa anibersaryo nito noong 1989, ang sentral na pamunuan ng Partido ay nanawagan para sa paglulunsad ng pagwawasto, higit na pagpalakas sa Partido at pag-iibayo sa rebolusyonaryong pakikibaka. Lalong matinding tumutol ang mga oportunista sa pahayag kung ihahambing sa nakaraang taon. Sa pulong ng Kawanihang Pampulitika noong 1990, iniurong nito ang maling linyang “regularisasyon” at “estrategikong kontra-opensiba” subalit salungat dito, inaprubahan naman ang mga maling resolusyon ng Pambansang Kumperensya ng Kumand ng BHB noong 1989. Sinalamin ng pagkakasalungat na ito ang tumitinding tunggalian ng dalawang-linya sa pagitan ng mga naninindigan sa proletaryong rebolusyonaryong linya at ng mga “Kaliwang” oportunista na tumututol dito.

Subalit noong 1991, tinukoy sa Unang Pambansang Kumperensya sa Gawaing pampulitika ng BHB ang ilang mga mayor na pagkakamali at mga pagkukulang at tinukoy ang laki ng pinsalang dulot ng mga ito. Ang ulat sa gawaing pampulitika ng BHB (sumangguni sa Rebolusyon, Serye 1993 #2, Abril-Hunyo) at kumperensya mismo’y tumugon sa panawagang pagwawasto ng Komite Sentral ng Partido sa mga pahayag sa anibersaryo nito noong 1988 at 1989 at nagsagawa ng pagtatasa sa mga mayor na suliraning kinakaharap ng hukbong bayan at nagsagawa ng mga resolusyon para malutas ang mga ito.

Kahit na isinasagawa ng mga proletaryong rebolusyonaryo sa sentral na pamunuan ang mga pawawasto at pag-aayos simula 1988 pasulong, lalong pinatindi ng “Kaliwang” oportunista ang kanilang pagtutol sa proletaryong rebolusyonaryong linya taun-taon. Nagkalat sila ng mga intriga sa mga partikular na yunit, organo at teritoryo saanman sila naroroon, nagtangkang gawing sariling kaharian ang mga ito, hinadlangan ang pagpapalaganap ng mga sentral na dokumento ng Partido at pinutol ang komunikasyon sa pagitan ng sentral na pamunuan at mga nakabababang organo at organisasyon ng Partido. Tinangkang paralisahin at likidahin ang sentral na pamunuan sa pamamagitan ng deklarasyong walang kapangyarihan ang Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral sa pagitan ng mga pulong ng Kawanihang Pampulitika. Itinulak nila ang mga linyang sukdulang salungat sa linya ng Partido at kinamkam ang kapangyarihan para sa kanilang sarili.

Dahil nabigo sila sa pagsasakatuparan ng kanilang maling linya, ayaw magwasto sa kanilang malulubhang pagkakamali at takot na managot sa mga nasabing pagkakamali at resulta nito, gayundin sa mga krimen ng madudugong witchhunt at gangsterismo, ang mga pasimuno ng “Kaliwang” oportunismo ay papatinding nakipagsabwatan sa matatagal nang mga Kanang oportunista laban sa Partido at sentral na pamunuan mula 1990. Magkasamang nagsalita at kumilos sila ayon sa linya ng paglikida sa Partido sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Ang isa sa mga taksil na ito (Ricardo Reyes) ay promotor ng linya ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar at ng madugong witchhunt, ang Kampanyang Ahos. Mahaba ang rekord niya sa pagbali-baligtad mula sa “Kaliwa” tungong Kanang oportunismo o pagkumbina ng dalawang tipo ng oportunismo sa isang malaking pagkakamali. Gumampan siya ng susing papel sa paghatak ng mga “Kaliwang” oportunista sa likidasyunista’t kontrarebolusyonaryong makakanang linya sa pamamagitan ng mga argumentong Gorbachobista.

Kabilang siya sa mga Kanang oportunistang naghangad na palitan ang katangian ng Pambansang Demokratikong Prente bilang isang organisasyong nagkakaisang prente at palabnawin ito sa magulong pederasyon at yunitaryong organisasyon na may programang nasyunalismong burges, pluralismo at ekonomyang pinaghalo. Ipinakahulugan ng mga Kanang oportunista na ang nagkakaisang prente ay isang balangkas para likidahin ang Partido at BHB at para sumuko sa kaaway. Itinulak nila ang linyang pagbaling sa Kanan upang maabot ang “Kaliwang” layuning insureksyon sa katamtamang tagal ng panahon (medium term) kakumbina ng linya ni Filemon Lagman na pagtutulak ng insureksyong lunsod sa pamamagitan ng mga aksyong ahente-probokador ng maliit na bilang ng mga armadong partisanong lunsod sa panahong may aksyong masa at pagsabotahe sa ligal na demokratikong kilusang masa.

Noong huling bahagi ng 1991, nakapagtipon na ang sentral na pamunuan ng Partido ng sapat na datos upang komprehensibong tasahin ang kalagayan ng mga rebolusyonaryong pwersa. Mula 1987 hanggang 1990, bumaba ng 15 porsyento ang kasapian ng Partido, ang bilang ng mga Pulang mandirigma, ng 28 porsyento, ang bilang ng mga baryong saklaw ng mga organo ng kapanyarihang pampulitika, ng 16 na porsyento at bilang ng organisadong masa sa kanayunan, ng 60 porsyento. Dumami ang mga awtomatik na riple at iba pang matataas ang kalibreng sandata ng BHB subalit bumaba ang tantos ng pagdami sa antas noong 1976-78.

Sa harap ng mga nakakadismayang datos, nagpasya ang sentral na pamunuan ng Partido na magsagawa ng komprehensibo at puspusang kilusang pagwawasto. Ang kilusang pagwawasto ay nakabatay sa mga impormasyon at mga desisyong nabuo sa pamamagitan ng demokratikong interaskyon ng sentral na pamunuan at mga nakabababang organo at organisasyon ng Partido sa anyo ng direktang pagsisiyasat, mga konsultasyon, sulatan, kumperensya, ulat at rekomendasyon. Noong 1992, ang dokumento ng

pagwawasto na “MULING PAGTIBAYIN ANG ATING MGA SALIGANG PRINSIPYO AT IWASTO ANG MGA PAGKAKAMALI” ay inaprubahan sa mga serye ng pulong ng Komiteng Tagapagpaganap, Kawanihang Pampulitika at Komite Sentral ng Partido.

Mula 1992, ang mga dating “Kaliwang” oportunista ay hayagang bumaling sa pusisyong lantarang Kanang kontrarebolusyonaryo at likidasyunista. Naglathala sila ng paninirang-puring mga artikulo laban sa Partido, sa Komite Sentral at Plenum nito noong 1992, at sa mga pangunahing lider ng Partido. Sa ganito, hayag na silang sumanib sa mga antikomunistang grupong peti-burges at mga indbidwal sa pag-atake sa Marxismo-Leninismo at Partido sa pamamagitan ng mga argumentong hinalaw mula sa Gorbachobismo, populismong burges, liberalismo, soyal-demokrasya at Trotskyismo. Pinukol nila ng mga islogang antikomunista, anti-Stalinista lang Partido, BHB at NDF at mga progresibong organisasyong masa. Hinangad nilang wasakin at siraan ang mga pwersang ito ng sambayanan. Hayag na ngayong kumikilos ang mga ito kasama ng rehimeng US-Ramos at iba pang antikomunista at antimamamayang pwersa sa bansa.

Bagama’t umiral ang tunggaliang dalawang-linya sa pagitan ng mga proletaryong rebolusyonaryong kadre at mga oportunistang burges noong 1968-79, ang mga paglihis, pagkakamali at pagkukulang ay maagap na pinuna at iwinasto. Gayunpaman, sa panahon ng 1980-91, nahayaang lumaganap ang mga malalalang paglihis, pagkakamali, at pagkukulang sa mahabang panahon. Ang mga ito’y nakapasok pa sa mga desisyon ng mga sentral na namumunong organo. Nilabag ng mga oportunistang burges ang linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng Partido, ang Saligang Batas at Programa ng Partido. Mabuti na lamang at hindi nila napagtibay ang kanilang paglabag sa linya at saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido sa pamamagitan ng kongreso. Sinimulan nilang manawagan ng kongreso ng Partido sa ilalim ng kanilang mga kundisyon

matapos na ihayag ng sentral na pamunuan ng Partido ang substantibong paghahanda para sa isang kongreso sa pamamagitan ng isang kilusan sa pagpuna at pagtatakwil sa mayor na mga paglihis at pagkakamali.

Sa kabila ng mga malalaking paglihis at pagkakamali na pinalaganap ng mga “Kaliwa” at Kanang oportunista mula 1980 hanggang 1991, pinagtibay, ipinagtanggol at itinaguyod ng Partido ang wastong linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa ilalim ng pamumuno ng Partido, ang BHB ay lumakas at sumulong ayon sa bagong-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Higit pa sana ang mga tagumpay ng BHB kung hindi dahil sa mga matatagal nang paglihis at malulubhang pagkakamali ng mga oportunista. Ang mga tagumpay ng mga proletaryong rebolusyonaryo ay lubhang nabawasan at nasabotahe ng mga paglihis at pagkakamali. Ang pangkalahatang antas ng pag-unlad ng mga rebolusyonaryong pwersa ay bumalik sa antas ng 1983-84 sa ilang mahahalagang aspeto noong katapusan ng 1991.

Ang kabuuang bilang ng mga Pulang mandirigma na may ripleng awtomatik ay katumbas ng 24 na batalyon o walong rehimyento, labas pa ang malaking bilang ng mga milisya at mga yunit sa pagtatanggol-sa-sarili na nasasandatahan ng mahihinang armas. Mayroong 15 pangrehiyong kumand na nasa ilalim ng pamumuno ng Komite Sentral at mga Komiteng pangrehiyon ng Partido. Saklaw ng mga larangang gerilya ang aabot sa 10,000 o 25 porsyento ng 41,000 baryo ng Pilipinas at malaking bahagi ng 60 sa 74 kabuuang probinsya ng bansa. Kayang kumilos ng mga yunit gerilya ng BHB sa mahigit na 700 ng kabuuang 1,540 na munisipalidad at ang mga armadong partisanong lunsod sa kalakhan sa 60 lunsod.

Nagkamit ang BHB ng mga tagumpay sa pagtalima nito sa wastong rebolusyonaryong linyang makauri at sa pagbigay ng masusing pansin sa pagpapalarga sa papel at inisyatiba ng kababaihan, kabataan, mga katutubo,

mangingisda at mga progresibong relihiyoso. Itinataguyod ng BHB ang aktibong partisipasyon ng mga sektor na ito sa armadong rebolusyon sa antas at paraang walang kaparis sa buong kasaysayan ng Pilipinas.

Mula ng inilunsad ang kilusang pagwawasto, lalong lumakas ang BHB. Nakonsolida ang pamumuno ng Partido sa BHB sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Pinalakas at umuunlad ang bag-as ng Partido sa loob ng BHB. Naitaguyod ang rebolusyonaryong edukasyon sa lahat ng kumand at yunit ng BHB, sa pamamagitan ng muling pagpapatibay sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo at pagwawasto sa mga paglihis at pagkakamali at pagkukulang. Nilagom ang rebolusyonaryong karanasan ng BHB, hinango ang mga aral, isinagawa ang punahan at pagpuna sa sarili at itinakda ang mga rebolusyonaryong tungkulin.

Ang mga Pulang mandirigma ay masiglang lumalahok sa gawaing masa. Nagdadaos sila ng edukasyon at propagandang pangmasa sa hanay ng mamamayan at tumutulong sa pagbubuo ng kanilang mga organisasyong masa at sa pagpapatupad ng reporma sa lupa at iba pang kampanyang masa. Tumutulong sila sa pagbubuo ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. Nagpapalawak sa mga bagong erya, nirerekober ang mga naiwan at kinokonsolida ang mga ito. Isinasagawa nila ang lahat para likhain ang mas malawak at malalim na baseng masa para sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan at kamtin ang higit pang tagumpay.

Magmula ng ilunsad ng kilusang pagwawasto, ang BHB ay nakapaglunsad ng mga taktikal na opensiba ayon sa kasalukuyang antas ng pag-unlad nito at napangibabawan ang mga pagtatangka ng kaaway na samantalain ang mga kahinaang ibinunga ng mga nakaraang oportunistang pagkakamali. Sa unang kwarto ng taong ito, nailunsad ang serye ng matagumpay na taktikal na mga opensiba sa iba't ibang lugar sa buong kapuluan, na nagsisilbing pahayag na ang BHB ay patuloy na lumalaban para sa interes ng sambayanan at hindi kailanman ito madudurog o mababale-wala ng kaaway.

### **III. PAVORABLE ANG SITWASYON PARA SA MATAGALANG DIGMANG BAYAN**

Mula ng itatag ang BHB, nananatili ang mga pavorableng obhetibong kundisyon para ilunsad ang matagalang digmang bayan. Di na matiis ang matinding pang-aapi't pagsasamantala sa malawak na masa ng sambayanan. Ang krisis sosyo-ekonomiko at pampulitika ng naghaharing sistema ay lumalim at lalong lumubha mula sa panahon ni Marcos, sa buong panahon ni Aquino hanggang kay Ramos.

#### **A. Ang Sitwasyon sa Ekonomya**

Ang ekonomya ng lipunan ay nananatiling agrikultural, malapyudal at pre-industriyal. Ang agrikultura ay pinaghaharian ng mga panginoong maylupa, na sa kalakha'y atrasado, di mekanisado, at pangunahing para sa gamit na pansarili at pangalawa para sa lokal at dayuhang kalakalan. Kulang ang ekonomya sa mga batayang industriya na lumilikha ng mga batayang metal, kemikal, kagamitan at presisong instrumento. Umaasa ito sa pag-aangkat ng mga kagamitan, hilaw na materyales (lalo na ang panggatong) at mga bahaging naprosesong mga sangkap. Ang sektor pangserbisyo ay umiikot sa palitan ng mga hilaw na materyal na pang-eksport at pag-aangkat ng produktong manupaktura.

Ang antas ng urbanisasyon sa Pilipinas ay umaabot lamang sa 25 porsyento, bagamat mapanlinlang na pinalaki ng mga opisyal na bumibilang ng populasyon ang datos sa 40 porsyento sa pamamagitan ng simpleng pagsasama-sama ng kabuuang populasyon ng Metro Manila, mga lunsod at mga kapitolyo ng probinsya at mga sentrong bayan. Sa katunayan, ang kundisyon ng kahirapan sa kanayunan at pagka-atrasado ay lumipat na sa dambuhalang lunsod ng Metro Manila, kung saan 88 porsyento ng populasyon sa lunsod ay umaasa sa iba't-ibang pagkakakitaan, tumitira sa mga barong-barong o mga walang tirahan na umookupa sa mga lansangan at pampublikong lugar, at pinagkaitan ng malinis na tubig at sistema ng alkantarilya.



Ang pagkasaid ng lupaing prontera mula pa noong katapusan ng dekada 1960 ay lumikha ng gahiganteng hukbo ng labis na lakas paggawa sa kanayunan, napakalaking bilang ng mga pana-panahong manggagawang-bukid ang nag-aagawan para sa mga di-regular na trabaho sa kanayunan at kalunsuran. Ang malaking bahagi ng mga may iba't-ibang di-regular na pinagkakakitaan sa Metro Manila ay nagtatrabaho rin bilang mga pana-panahong manggagawang-bukid sa mga kalapit nitong probinsya. Ang malaking mayorya ng mga naninirahan sa mga eryang “urban” sa mga probinsya ay mga magsasaka. Ang maramihang pagdayo sa ibang bansa mula pa 1970 ng anim na milyong Pilipino (na kalakha’y mga kababaihan, lalo na pagkatapos ng malaking pangangailangan sa konstruksyon sa Gitnang Silangan) o halos sampung porsyento ng populasyon (na kalakha’y mga OCW at pumapangalawa lamang ang mga propesyunal) ay ibinunga ng kawalang kakayahan ng lokal na ekonomya na magbigay ng hanapbuhay sa mamamayan.

Mula sa pagtaya sa GNP, ang laki ng ekonomya ng Pilipinas sa kasalukuyang halaga ay humigit kumulang P1.4 trilyon o \$51 bilyon. Ang paghahati sa halagang ito sa 68 milyong populasyon para makuha ang taunang kitang per capita na \$ 750, ay isang mapanlinlang na pagkwenta dahil ang bulto ng GNP ay napupunta sa mga dayuhang monopolyo at mga lokal na nagsasamantalang uri ng malalaking komprador at panginoong maylupa, na bumubuo ng kulang sa isang porsyento ng populasyon. Mahigit sa 40 porsyento ng GNP ay mula sa mga transaksyong kinasasangkutan ng dayuhang palitan. Kung ibabawas pa natin sa GNP ang napupunta sa panggitnang saray ng lipunan sa kalunsuran, na bumubuo ng humigit kumulang siyam na porsyento, ang matitira na lamang sa uring manggagawa at magsasaka — na bumubuo sa 90 porsyento ng populasyon — ay ang matinding kahirapan, kasalatan at paghihikahos. Ayon sa mga independyenteng pagtaya, ang mga taong nabubuhay sa ibaba ng itinakdang hangganan ng kahirapan ay nagbabago-bago mula 75 hanggang 80 porsyento ng mamamayan. Ang 40 hanggang 50 porsyento ay hindi man lamang makayang tustusan kahit ang mga pinakabatayang pangangailangan sa nutrisyon.

Ang Pilipinas ay nakaasa sa pagluluwas ng mga produktong agrikultural at mineral na ang mga presyo ay bumagsak na mula pa noong dekada 1970 dahil sa labis na produksyon ng mga batayang produkto sa daigdig. Ang papasamang kalagayan ng kalakalan ay patuloy na nagpababa ng kita sa eksport ng mga neo-kolonyang tulad ng Pilipinas. Ang mga manupaktura na may mababang-dagdag na halaga para sa re-eksport (tela, semi-conductor, sapatos, laruan at iba pang tulad ng mga ito) ay maliit lamang o walang kinikita dahil sa pagsasalin ng presyo (transfer-pricing). Sa katapusan ng 1993, ang pagkalugi sa dayuhang kalakalan ay umaabot na sa \$6.1 bilyon. Sa kabila ng patuloy na pangungutang sa dayuhan at paparaming pagpasok ng dolyar mula sa mga manggagawa sa ibang bansa, ang balanse ng bayaran ay nagrehistro ng negatibong \$92 milyon.

Hanggang noong Agosto 1993, ang inaaming utang sa dayuhan ng Pilipinas ay \$34.4 bilyon, na tumaas ng 16.3 porsyento mula sa naunang antas. Tinatayang 32.5 porsyento ng badyet sa 1994 ng reaksiyunaryong gubyrno ay gagastusin sa pagbabayad sa utang sa dayuhan. Mahigit sa 9 na porsyento ang nakalaan sa mga gastos pang-militar, hindi pa kabilang ang mga gastusin para sa pambansang pulisya, mga ahensya ng paniniktik sa ilalim ng pangulo, mga yunit sa paniktik ng iba't-ibang mga departamento ng gobyerno at iba pang gastusing militar na itinatago bilang mga gastusing sibilyan. Ayon sa pinaliit na tinatayang datos 41.69 porsyento ng badyet sa 1994 ay lalamunin ng bayad sa dayuhang pautang at gastos pang-militar lamang. Ang aktwal na mga gastos nito ay karaniwang umaabot sa 60 porsyento kada taon.

Ang paggastos ng reaksiyunaryong gubyrno nang lampas sa kita nito ay patuloy na lumalaki. Kinatatampukan ito ng papaliit na paggastos sa mga serbisyong pang-imprastraktura at panlipunan at ang papalaking paggastos sa pagbabayad ng utang at pangangailangan ng militar. Dahil sa paghigpit ng dayuhang pagpapautang at dikta ng IMF na ilaan ang pinakamataas na prayoridad sa pagbabayad ng utang, walang patid ang lokal na pangungutang at nagtulak pataas sa antas ng utang pampubliko hanggang P656 bilyon o \$24 bilyon sa

katapusan ng 1993. Noong 1986, ang antas ng lokal na utang pampubliko ay P123 bilyon nang matapos ang taon. Noong 1992, sa huling taon ng rehimeng Aquino, umabot ito sa P508 bilyon. Nalagpasan ng ilang beses ng anim na taong rehimen ni Aquino ang 20 taong rehimen ni Marcos sa usaping ito. Pinalalaki ng rehimeng Ramos ang lokal na utang pampubliko sa mas mabilis pang tantos.

Ang mga pangunahing ahensyang multilateral na kumukontrol at nagdidikta sa patakarang pang-ekonomya ng reaksyunaryong gubyerno ay ang IMF, World Bank, Asian Development Bank at ang GATT at iba pang mga kasunduan sa pandaigdigang kalakalan. Ang Estados Unidos, Hapon, at iba pang dayuhang monopolyo ay nagkukumpitensya at nagsasabwatan laban sa pang-ekonomyang soberanya at interes ng sambayanang Pilipino. Pumipiga sila ng super-ganansya sa pamamagitan, pangunahin, ng transfer-pricing sa kalakalan at sa bayad sa utang kaysa sa deklaradong kita mula sa direktang pamumunhunan. Ang taunang tantos ng pagpasok ng puhunang pangunahing mula sa mga korporasyong transnasyunal ng US at Japan ay umaabot sa \$300 milyon. Ang mga pamumuhunang ito kasama ang opisyal na “ayuda para sa pag-unlad” (ODA) at mga komersyal na pautang, ay nagpapadali lamang sa pagbebenta ng mga dayuhang manupaktura at produksyon ng mga hilaw ng materyales at kaunting pagpoproseso (fringe processing) ng ilang mga manupaktura at hindi naman nagtataguyod kundi hinahadlangan pa ang pag-unlad na industriyal.

Mahigit sa 50 porsyento ng 28 milyong mamamayan na may kakayanang magtrabaho ay walang hanapbuhay. Subalit pinalilitaw ng mga opisyal sa istatistika na ang tantos ng kawalang-hanapbuhay ay walong porsyento lamang (hanggang sa Oktubre 1993), at sa gayo’y tinalo pa sa papel ang kalakhan sa mga bansang industriyal at kapitalista. Inilalagay din ng istatistikang ito ang tantos ng kawalang-hanapbuhay sa Metro Manila sa 16.4 porsyento at sa Gitnang Luzon sa 11.2 porsyento. Tinataya ng mga hiwalay na mga tagasuri ang tantos ng kawalang-hanapbuhay sa 32.9 porsyento bilang dagdag sa kinikilalang opisyal na tantos. Ang mga opisyal na tantos kaugnay ng

hanapbuhay ay hindi mapagkakatiwalaan dahil sa hindi nito binibilang yaong mga tumigil na sa paghahanap ng trabaho at binibilang na may ganap na trabaho ang kalakhan ng mga walang regular na trabaho.

Ang kawalang-hanapbuhay sa Pilipinas ay lubhang lumaki nitong mga nakaraang taon dahil sa kasalatan sa dayuhang salapi para sa pag-aangkat ng mga produktong para sa produksyon (lalo na ang makinarya at langis) at ang ibinunga nitong pagbagsak ng produksyon sa industriya at agrikultura. Bumagsak din ang mga imprastraktura at mga batayang serbisyong panlipunan. Ang pagkasira ng kapaligiran ay mas masahol kaysa sa nakaraan dahil sa pagsasamantala sa tao at kalikasan ng mga dayuhang monopolyo at ng kanilang mga ahenteng malalaking komprador.

Ang kasalatan sa mga batayang produktong pangkonsumo at pamproduksyon ay nagdulot ng pagtaas ng implasyon, na bumiktima sa masang anakpawis at maging sa mga panggitnang saray ng lipunan sa kalunsuran. Subalit sinasabi ng mga opisyal na istadistika na ang tantos ng implasyon ay tumataas at bumababa lamang sa pagitan ng siyam at labing-isang porsyento, pagkwentang pinababa sa pagmanipula sa laman ng basket ng mga batayang produkto. Gayunpaman, ang indeks ng presyo ng mga konsumo (consumer price index) at ang pagbaba ng halaga ng piso ay nagpapakita sa papataas na implasyon. Ang isinabatas na minimum na pasahod sa Metro Manila ay nananatiling P118, na hindi naman sinusunod sa mga lugar na walang unyon ang mga manggagawa. Ang tunay na halaga ng sahod na ito ay lumiit sa P63.72 noong 1993. Subalit ang arawang gastos ng isang pamilyang may anim katao ay P243.50. Bunga ng mga aksyong protesta ng kilusang unyon, napilitang mangako ang rehimen na itataas ng kakarampot na halagang P25 ang minimum sa arawang pasahod. Subalit hanggang sa ngayon ay hindi pa rin ito isinasabatas.

Ang kawalang hanapbuhay ay laganap sa hanay ng mga manggagawa na bumubuo ng aabot sa 15 porsyento o apat na milyon ng lakas paggawa. Sinusunod ng mga kapitalista sa

Pilipinas ang pandaigdigang kalakaran sa hanay ng mga kapitalistang nagbabawas ng bilang ng mga regular na manggagawa na may karapatan sa kasiguruhan sa trabaho at mga benepisyong sosyal at panseguridad. Isinasagawa nila ito sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga regular na manggagawa at pagtanggap ng iregular na mga manggagawa sa ilalim ng mga kondisyong agency workers, contract workers, casuals, part-timers, learners at apprentices. Ang mga pamamaraan para mabawasan ang bilang ng mga regular na manggagawa, pagpako sa sahod at pagmaksimisa ng kita ay siya ring pamamaraan sa pagbuwag sa organisadong manggagawa. Tulad ng dati, ginagamit ng reaksyunaryong rehimen ang dilawang unyon upang hadlangan ang tunay na mga unyon. Pinakamalala, ginagamit ang militar, pulis at mga pwersang para-militar upang guluhin at wasakin ang tunay na unyon at pisikal na buwagin ang mga welga at iba pang mga sama-samang pagkilos.

Ang masang magsasaka, lalo na ang maralita at panggitnang magsasaka, na bumubuo ng 75 porsyento ng populasyon ay dumaranas ng matinding kahirapan mula sa pyudal at malapyudal na kalagayan. Walumpung porsyento ng mga magsasaka o animnapung porsyento ng kabuuang populasyon ay hindi nagmamay-ari ng lupang kanilang binubungkal. Kalakhan ng kanilang produkto ay nakalaan sa kanilang pangkonsumo na patuloy na bumababa ang antas at ang kanilang labis na produkto'y nakalaan sa mga panginoong maylupa na kinakalakal naman sa lokal at dayuhang pamilihan. Mula 1969, mabilis na lumaki ang labis na lakas paggawa sa kanayunan na naipit ng pagkasaid ng mga lupaing prontera at kakulangan ng pag-unlad sa industriya. Kaya eksplosibong lumaki ang bilang ng mga manggagawang-bukid, mga trabahador sa samut-saring iregular na hanapbuhay sa kalunsuran, at mga kontratadong manggagawa sa ibayong-dagat.

Kaiba sa mga naunang rehimen, na nagbigay ng maraming pangako sa reporma sa lupa na may pakunswelong mga resulta, ang kasalukuyang rehimen ng Ramos ay walang kahihiyang nagbibigay garantiya sa mga panginoong maylupa na patuloy na ariin ang kanilang mga lupain at gayundin sa mga

dayuhang korporasyong transnasyunal, ng pribilehiyong gamitin ang lupa at pakinabangan ang kalikasan sa pamamagitan ng kontrata sa pag-upa na aabot sa 75 taon. Ang nangingibabaw na mga tipo ng pagsasamantala sa kanayunan ay ang tradisyunal na mga porma ng partihan sa ani, ang sistema ng pirming upa, ang murang pag-upa sa lakas-paggawa ng mga pana-panahong manggagawang-bukid, usura at ang paggamit ng mga inangat na gamit (makinarya at kemikal) upang makapiga ng mas malaking parte ng kita para sa mga asendero-komersyanteng-usurero. Dahil sa labis na lakas-paggawa, hindi na nakikita ng mga panginoong maylupa at mga kapitalista sa agrikultura ang pangagailangang magmekanisa o gumamit ng mga modernong makinarya sa pag-aani.

Bukod sa pagsasamantalang pang-ekonomya, ang masang magsasaka ay dumaranas rin ng mararahas na anyo ng pang-aapi sa anyo ng mga kampanyang militar laban sa mga larangang gerilya at laban sa mga samahang magsasaka, kahit na ligal ang pagkakabuo ng mga ito. Mula 1984 hanggang sa kasalukuyan, ang reaksyunaryong armadong pwersa ay nagkonsentra ng buo-buong dibisyon at brigada sa mga piling target na erya para limasin ang populasyon doon at wasakin ang mga ito sa loob ng matatagal na mga panahon. Mula sa panahon ni Aquino hanggang kay Ramos, isang serye ng pambansang estratehikong opensiba na tinawag na Oplan Lambat Bitag (I, II, III) ang inilunsad upang atakihin ang mga rebolusyonaryong pwersa, ang masang magsasaka at ang mga etnikong minoritya. Subalit pawang nabigo ang mga ito na supilin ang armadong rebolusyonaryong kilusan. Ang masang magsasaka ang nagsilbing di-masasaid na balon para sa armadong paglaban.

Salungat sa ipinangangalandakan ng mga oportunistang industriyalisado at urbanisado na ang Pilipinas, na kredito daw ng rehimeng US-Marcos, inamin ng rehimeng US-Ramos na atrasado at pre-industriyal ang katangian ng lipunang Pilipino at nangangakong gagawing bagong nag-iindustriyalisa ang ekonomya ng Pilipinas bago ang taong 2000 sa pamamagitan ng kanyang tinatawag na Medium Term Development Plan

(MTPD). Ngayon, ang mga oportunista na lantaran nang naging mga Kanang kontrarebolusyonaryo ay nag-iingay kaugnay ng mga pakikipagsalubong sa rehimen, pinupuri si Ramos bilang anti-oligarkiya at inindorso ang kanyang ambisyon para sa isang “malakas na estado” pati na rin ang kanyang propaganda hinggil sa “kapayapaan” at “kaunlaran sa ekonomya”. Binibigyang-katwiran nila ang likidasyon ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Ang MTDP ay nakabatay sa “pinagkasunduang” pagsuko at gayundin sa marahas na panunupil sa mga rebolusyonaryong pwersa at sambayanan, sa preserbasyon ng interes ng mga imperyalista’t pyudalista, sa paglaki ng anti-makabayang insentibo sa pamumuhunan para sa mga dayuhang transnasyunal na korporasyon, liberalisasyon sa pag-aangkat, libreng buwis, kawalang restriksyon sa paglabas ng kita, pagsasapribado ng mga korporasyon ng estado at pagsupil sa karapatan ng mga manggagawa para isagawa ang deklaradong patakaran na pagpapasahod nang mababa at mga lugar na ipinagbabawal ang unyon at welga. Ang planong ito ay tiyak na mabibigo. Ang kaunlarang industriyal sa Pilipinas ay talagang imposible kung walang determinasyong ipatupad ang reporma sa lupa at makabayang industriyalisasyon. Hindi kailanman matatanggap ng malawak na masa ng sambayanan, lalo na ng mga manggagawa at magsasaka ang matinding pang-aapi at pagsasamantala at hindi sila kailanman papayag na itigil ang rebolusyonaryong armadong paglaban.

Sa ngayon, ang mga imperyalistang bansa mismo ay kinokombulsyon ng krisis ng labis na produksyon (kapwa sa industriya at agrikultura) at nagsasagawa ng mga patakarang hindi makakapagpalaki ng anumang uri ng produktibong pamumuhunan sa Pilipinas. Ang mga kalagayan ng nagtatagal na resesyon, malawakang kawalan ng hanapbuhay at maging ng depresyon ay tumama sa mga imperyalistang bansa. Ang mataas na teknolohiya ay nagdulot ng mga dambuhalang imbentaryo ng hindi naman maibentang produktong industriyal at agrikultural. Ang pag-abuso ng kapitalismo sa pinansya sa pamamagitan ng ispekulasyon sa korporasyon at mga

operasyong neo-kolonyal ay umabot na sa sukdulan dahil sa ang epektibong pangangailangan ay lumiit sa daigdig ng labis-labis na pangungutang na pampubliko at pribado at nagtakda ng pagtitipid kapwa sa mga neo-kolonya at mga industriyalisadong kapitalistang bansa.

Ang mga monopolyong kumpanyang nakapangingibabaw ay nakakiling sa paggamit ng mas mataas na teknolohiya para wasakin ang kanilang mga kakumpitensya at sa proseso ay binabawasan ang hanapbuhay. Habang pinalalakas ng mga indibidwal na kumpanyang monopolyo ang kanilang produktibidad, ang kabuuang ekonomya ay lumiliit. Ang pagtaas ng bilang ng kawalang hanapbuhay, pagbabawas sa mga panlipunang serbisyo at katugong pagbaba ng konsumo ay tumungo lamang sa higit na pagliit ng pamilihan at tantos ng ganansya sa mga industriyalisadong kapitalistang bansa at lubhang nakaapekto sa mga “tigreng ekonomiya” ng Silangang Asya, kabilang na ang mga baybay-dagat na mga probinsya ng Tsina na lumilikha ng mga murang produkto.

Ang mga sentro ng pandaigdigang kapitalismo, ang United States, Japan at Kanlurang Europa, ay nagkukumpetensya para muling paghatian ang daigdig, ikonsolida ang kanilang pambansa at rehiyunal na pusisyon at higpitan ang daloy ng direkta at di-direktang pamumuhunan sa mga neo-kolonya, na matagal nang hindi nakakabayad sa kanilang mga utang. Upang makatiyak ng isang rehiyunal na pamilihan na nakadikit sa sarili nitong ekonomya, nilikha ng United States ang tinatawag na North American Free Trade Agreement (NAFTA). Sa mga susunod na taon, ito ay magbabawas ng mga pedido para sa mga murang produkto mula sa Silangang Asya. Umaasa ang United States ng mas murang produkto mula sa murang lakas-paggawa ng mga Mexicano.

Kaugnay nito, ang Japan at ang mga “tigre” sa ekonomya ng Asya (kabilang na ang baybay-dagat na mga probinsya ng Tsina) ay tiyak na magpapatindi ng pagsasamantala sa Pilipinas at pipigilan ang ekonomikong pag-unlad nito sa ilalim ng ASEAN Free Trade Agreement (AFTA) na dominado ng Japan.



Kaalinsabay nito, desidido ang United States na panatilihin ang kanyang paghahari sa ekonomya at militar sa buong Pasipiko sa pamamagitan ng isang Asia Pacific Economic Community (APEC). Sa mga darating pang taon, ang labanan sa kalakalan sa pagitan ng United States at Japan ay makakaapekto sa higit pang pagpigil sa industriyal na pag-unlad ng Pilipinas. Ang mga labis na produkto ay itatambak sa bansa hindi lamang ng dalawang superpower sa ekonomya kundi pati ng apat na “tigreng ekonomya” at Tsina. Ang krisis ng pandaigdig na sistemang kapitalista ay tumutugma sa papalalang krisis ng lokal na naghaharing sistema sa Pilipinas.

## **B. Ang Sitwasyon sa Pulitika**

Ang batayan sa ekonomya para sa mutwal na akomodasyon sa hanay ng mga paksyong pulitikal ng mga reaksyunaryong uri sa Pilipinas ay walang kasing kitid sa nakaraan at patuloy pang lumiliit. Maaari lamang magkaroon ng mga pansamantalang paghupa sa mga marahas na kontradiksyon sa pagitan ng kasalukuyang namumunong pangkatin at ng mga karibal nitong paksyon. Ang mga tunggalian sa hanay ng mga reaksyunaryo ay hindi ganap na malilimitahan sa balangkas ng elektoral na kumpetisyon kundi papalaking makikita sa hangad ng namumunong pangkatin na hawakan ang awtoritaryong kapangyarihan at sa mga armadong paksyunalisasyon ng nagsasamantalang mga uri at ng reaksyunaryong mga armadong pwersa.

Ang naghaharing pangkating Ramos ay isang pangkatin ng malalaking kumprador-panginoong maylupa at kasing gahaman ng nagharing pangkating Marcos. Sinosolo ng mga alipuris nito ang mga kontrata (lalo na sa enerhiya at mga imprastraktura ) na nagmula sa mga dayuhang pautang at sa lumolobong lokal na pampublikong pangungutang. Sa tulak ng sarili nitong kasakiman at takot sa mga karibal sa loob ng naghaharing sistema, ang naghaharing pangkating Ramos ay gumamit ng lahat na paraan upang makonsolida at maitrensera ang kapangyarihan nito sa pamamagitan ng pagtugis at pambablakmeyl sa mga karibal nitong malalaking komprador.

Habang lumalala ang krisis na sosyo-ekonomiko, gayundin ang krisis sa pulitika. Sa tuwing mayroong dramatikong kumprontasyon sa pagitan ng naghaharing pangkatin at mamamayang pinagsasamatalahan, ang mga karibal nitong reaksiyunaryong paksyon ay magtatangkang makakuha ng sariling ganansya sa pulitika. Gayundin naman ang reaksiyunaryong naghaharing pangkatin na nagsisikap na panatilihin at palakihin ang kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng mga mapanupil na aparato ng estado. Bago pa man maipakita ang ganap na pagpanibagong-lakas ng rebolusyonaryong kilusang masa sa pamamagitan ng malawak at masinsing pakikidigmang gerilya, ang pangkating US-Ramos ay nagmamaniobra para payapain kapwa ang rebolusyonaryo at reaksiyunaryong oposisyon sa mga panawagan para sa “kapayapaan at rekonsilyasyon” habang kasabay nito’y patuloy na naghahanda sa tipong-Marcos na pag-agaw ng kapangyarihan sa pamamagitan ng pagkontrol sa lehislatura at sa mga tinatawag na repormang konstitusyunal.

Sa pinakahuling pagdaluyong ng ligal na demokratikong kilusang masa, partikular sa mga pambansang aksyong masa noong Pebrero ng taong ito, na sumambulat resulta ng pagtatangka ng rehimeng US-Ramos na magpataw ng mas mataas na buwis sa langis (na nagpataas sa mga presyo ng bilihin at presyo ng elektrisidad at transportasyon), ang mga ligal na progresibong pwersa, ang mga rebolusyonaryong pwersa at ang malawak na masa ng sambayanan ay tumindig at tumampok. Dagdag pa, ang mga reaksiyunaryong karibal na paksyon ng naghaharing pangkatin (kabilang na ang mga nasa Hukbong Sandatahan ng Pilipinas) ay kumilos laban sa naghaharing pangkatin, sa kabila ng kanilang napabantog na pakikipagmabutihan dito.

Ang pangkalahatang tendensya ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema na malansag ay nagmumula sa mga panloob na kontradiksyon sa hanay ng mga reaksiyunaryo at gayundin sa pagpupunyagi ng mga rebolusyonaryong pwersa sa matagalang digmang bayan. Sa kabila ng mga malulubhang pagkakamali at kabiguan dahil sa “Kaliwa” at Kanang

oportunismo, ang kasalukuyang lakas ng rebolusyonaryong armadong kilusan ay malaki pa rin at may malaking potensyal para umunlad nang mabilis resulta ng kilusang pagwawasto at ng lumalalang krisis ng naghaharing sistema. Ang mga rebolusyonaryong pwersa at sambayanan ay may pundamental at seryosong pakikipagtunggali sa naghaharing sistema. Hawak nila at patuloy na pinaunlad at iniipon ang kinakailangang lakas para tuluyang mapalitan ng bago ang kasalukuyang sistemang panlipunan para maging tunay na nagsasarili, demokratiko, makatarungan, masagana at mapayapa ang Pilipinas.

Taun-taon mula 1987, ang rehimeng Aquino at si Heneral Ramos ay nagmayabang ng pagkamit ng estratehikong tagumpay laban sa mga rebolusyonaryong pwersa bago matapos ang panunungkulan ng rehimeng Aquino habang pinatitindi nila ang mga mapanupil na kampanyang militar. Subalit bigong-bigo ang mga pwersa ng kaaway sa kanyang layuning militar, kahima't ibinaba na ang target na ito sa "stratehikong kontrol". Ang mga rebolusyonaryong pwersa ay patuloy na lumago sa buong kapuluan. Ang paghina ng armadong paglaban ng mga organisasyong Moro at ang paghupa ng mga bantang kudeta mula sa mga paksyong anti-Ramos sa militar ay nagbigay puwang sa rehimeng magtalaga ng mas maraming tropa laban sa mga larangang gerilya ng BHB. Subalit ang kabuuang laki at kakayanan ng mga pwersa ng kaaway ay hindi sapat para sakupin ang buong bansa, lalo't tinatangka nitong maksimisahin ang bisa ng paglalapat ng prinsipyong konsentrasyon at matagalang pag-okupa ng teritoryo.

Isang pagpapatiwakal para sa rehimen ang magpalaki pa ng tropa, gumastos ng malaking salapi at magsagawa ng mas maraming kalupitan. Ang pulitikal at pinansyal na hangganan ng naghaharing sistema ay makikita sa pamamagitan ng pagkunsidera lamang ng pinaliit na halaga ng salaping ginastos mula 1969 para sa militar. Ang halaga nito ay di bababa sa P750 bilyon o \$25 bilyon, di pa kasali ang tulong militar mula sa US, na katumbas sa hindi kukulangang \$15 bilyon o 60 porsyento nito. Sa kabila ng paglansag sa mga base militar ng US, pinapanatili ng United States ang akses sa mga base militar at

nagbibigay ng tulong militar at iba pang tulong na may kaugnayan dito sa reaksiyunaryong gubyerno. Subalit ang United States at mga alyado nitong imperyalista ay nahahatak ng walang kaparis na mga kaguluhan sa maraming lugar ng daigdig.

Ang pagpapatindi ng pananalakay na militar sa ilalim ng patakarang total war ay nagresulta sa mga masaker, pagpaslang, tortyur, iligal na pagkulong, pagnanakaw, panununog, pambobomba, sapilitang pagpapalikas at pangwawasak sa kabuhayan ng mamamayan. Ang lahat ng ito'y naglayo sa mamamayan sa naghaharing sistema at nagtulak sa kanilang magpunyagi sa at magpatindi ng matagalang digmang bayan. Sa nakalipas na 25 taon, ilampung libong mamamayan ang tinortyur at pinatay at milyon-milyong mamamayan ang pinagkaitan ng kaaway ng kanilang tahanan at kabuhayan.

Sa pagtataguyod ng kanilang makatarungang rebolusyonaryong simulain, ipinagtanggol ng mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa ang kanilang mga sarili at naglunsad ang BHB ng mga taktikal na opensiba, na dumurog sa ilampung libong tropa ng kaaway sa nakalipas na 25 taon. Ang reaksiyunaryong gubyerno ay hindi nakapagbigay ng sapat na kumpensasyon sa mga namatay at gayundin sa gastusin sa ospital at rehabilitasyon ng mga sugatan sa hanay mismo ng mga tropa nito, habang dinadaya ng mga tiwaling opisyal ang sarili nilang mga tauhan at gumagawa ng pansariling mga kriminal na aktibidad. Sa gayon, laganap ang demoralisasyon sa hanay ng mga tropa ng kaaway.

Malaki ang gastos ng militar para sa mga kagamitan at operasyon subalit ang opisyal na pasahod para sa mga opisyal at kawal ng reaksiyunaryong armadong pwersa at pambansang pulisya ay mababa at higit pang mababa sa mga pwersang paramilitar. Sa gayon, ang mga armadong tauhan ng kaaway ay karaniwang gumagawa ng mga kriminal na aktibidad tulad ng illegal logging, pagnanakaw, kidnap-for-ransom, pangingikil, at nagpapanatili o nagbibigay proteksyon sa mga pasugalan at bahay aliwan. Ang pinakakilabot na mga sindikatong kriminal ay pinamamahalaan ng mga opisyal ng militar at pulis. Ang

establecimiento ng militar at pulis ay nahahati hindi lamang sa mga grupong pulitikal kundi mas higit pa, sa mga sindikatong kriminal.

Ayon sa superyoridad nito sa usapin ng bilang ng tropa, kagamitan at pagsasanay, ang reaksyunaryong armadong pwersa ay naglulunsad ng estratehikong opensiba sa pamamagitan ng pagkokonsentra ng mga dibisyon at brigada sa ilang piling target na mga erya sa matatagal na panahon, upang diumano’y “mahawakan, malinis, makonsolida at mapaunlad” ang mga eryang ito. Sa loob ng estratehikong pagkubkob, itinatalaga ang mga special operation team (SOT) at inoorganisa ang mga pwersang paramilitar upang lumikha ng artipisyal o pinuwersang “baseng masa” laban sa BHB. Pagkatapos, sa loob ng estratehikong pagkubkob, ang kaaway ay gumagamit ng mga kumpanya at batalyon upang maglunsad ng mga operasyon ng paghahanap-at-paglipol o operasyong mopping-up.

Pumapabor sa kaaway ang tinatawag nitong estratehiya ng “gerang mabilisang tinatapos” at ang taktika ng “gradwal na konstriksyon”, kabilang ang taktika ng matagalang paniniktik at panlililalang sa mamamayan. Sa harap ng ganitong tipo ng estratehiyang opensiba at taktika ng kaaway, mali na talikuran ang estratehikong dependsiba sa pamamagitan ng ganap na pagkokonsentra ng malaking mayorya ng mga Pulang mandirigma sa iilang malalaking pormasyon at pag-iwan sa baseng masa. Ang pagkawala ng baseng masa ay nangangahulugan ng pagkahulog sa patibong ng kaaway at sa kalauna’y pagkawala ng inisyatiba at kabiguang maglunsad ng mga taktikal na opensiba. Ang mga “Kaliwang” oportunista ay masasabing naglingkod na sa kaaway sa ilalim ng pagdadahilang mapabilis ang tagumpay.

Mula sa simula hanggang katapusan, mabibigo ang mga pwersa ng kaaway kung ang mga proletaryong rebolusyonaryong kadre at mandirigma ng BHB ay tutugon sa pamamagitan ng estratehikong dependsiba at naglulunsad ng mga taktikal na opensiba ayon sa linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na may papalawak at papalalim na baseng masa. Ang

pangunahing pagkabigo ng kaaway ay dahil sa katotohanang ipinaglalaman niya ang interes ng mga imperyalista't mga lokal na nagsasamantalang uri at kapag ikikonsentra niya ang kanyang pwersa sa mga target na erya, napapabayaan niya ang iba pang erya. Sa pagkilos lamang batay sa papalawak at patuloy na konsolidadong baseng masa saka pwedeng mahawakan ng mga pwersang gerilya ang inisyatiba sa pamamagitan ng paglilipat, pagkakalat at pagtitipon sa sarili nitong kagustuhan. Sa aktibong partisipasyon at pagsuporta ng mamamayan makakapagtitipon ang BHB ng superyor na pwersa para durugin ang pwersa ng kaaway nang baha-bahagi sa pamamagitan ng paggamit ng elemento ng sorpresa sa mga taktikal na opensiba, kahit na ang pwersa ng kaaway ay sampung beses ang lakas sa BHB sa estratehikong antas.

Sa 25 taong rebolusyonaryong karanasan, napanatili at nakapagtitipon ng armadong lakas ang BHB dahil tumalima ang mga proletaryong rebolusyonaryong kadre at Pulang mandirigma sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan sa pamamagitan ng paglulunsad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Sa kabilang banda, binawasan nang malaki ng mga “Kaliwang” oportunista ang bilang ng mga kadre at yunit para sa gawaing masa, wala sa panahong binuo ang absolutong nakakonsentrang mga kumpanya at dalawang batalyon, ipinadala ang mga makaranasang kadre at mandirigma sa kalunsuran upang maging mga armadong partisanong lunsod at sa gayo'y lalong nabawasan at nasabotahe ang pag-unlad ng digmang bayan.

Kapwa ang mga “Kaliwang” oportunista — na nagtulak ng linya ng “regularisasyon” at “stratehikong kontra-opensiba” at pagkukumbina ng insureksyunismo at adbenturismong militar — at mga Kanang oportunista — na nagtulak sa repormismong burges at parlamentarismo na nagtali sa sarili sa mga opisinang pinopondohan ng dayuhan at mga koalisyong nasa papel lamang — ay bumase sa Metro Manila at iba pang lunsod at malakihang binawasan ang daloy ng mga kasapi ng Partido at masang aktibista mula sa kalunsuran patungong kanayunan. Ang

dalawang tipo ng oportunismo ay nagdiin sa pagbabase sa kalunsuran sa buong panahon ng dekada 1980, na tiyempong pinahuhusay naman ng mga ahensya sa paniniktik ng US at Pilipinas ang kanilang sistema ng paniniktik at pagmamanman sa mga syudad, at kung kailan pa ang naipong armadong lakas ng BHB ay nangangailangan ng direkta at mahigpit na pamumuno ng mga pinakaresponsableng kadre ng Partido at nagbibigay ng pinakamainam na lugar para sa pagbabase ng sentral na pamunuan at kumand ng BHB.

Ang mga proletaryong rebolusyonaryong kadre at mandirigma ng BHB ay nanindigan at nakapangibabaw, sa kabila ng mga malulubhang pagkakamali sa linya, na nagresulta sa konsiderableng lubha ng kriminal na kabulukan sa hanay ng mga oportunista, tulad ng mga madudugong witchunt, gangsterismo at katiwalian. Nagapi nila ang mga oportunista sa pamamagitan ng paglulunsad ng kasalukuyang kilusang pagwawasto. Higit na pinalakas ng kilusang pagwawasto ang mga rebolusyonaryong pwersa sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Iniangat nito ang rebolusyonaryong dangal, mapanlabang-diwa at kakayahan ng BHB at ang determinasyong gumampan ng gawaing masa at lumahok sa produksyon. Sa ngayon at sa susunod pang panahon, kayang bigwasan ng mas matitinding dagok ang mga pwersa ng kaaway at kasabay nito'y magtatamasa ng mas papalaking militanteng pagsuporta mula sa malawak na masa ng sambayanan kapwa sa kanayunan at kalunsuran.

Bilang pagtalima sa pamumuno ng Komite Sentral ng Partido, ang mga pangrehiyon at nakabababang organo at organisasyon ng Partido at BHB ay nagsagawa ng mga paglalagom ng kanilang mga karanasan, humalaw ng mga positibo't negatibong aral, pumuna at nagtakwil sa mga paglihis at pagkakamali at nagtakda sa kanilang mga rebolusyonaryong tungkulin. Iilan lamang ang mga ayaw magwastong oportunista na tumutol sa kilusang pagwawasto at nagsipanig na sa kaaway at walang kahihiyang naging mga ahente ng kontrarebolusyon. May maliit na bilang lamang ng mga oportunista na sagadsaring kontrarebolusyonaryo ang tumutol sa kilusang pagwawasto sa tatlo sa 17 rehiyunal na organisasyon ng Partido at sa dalawang

sentral na organong istap. Itong mga oportunistang ayaw magwasto ay nagapi na ng mga rebolusyonaryo at natulak na ng kanilang maling linya tungo sa panig ng kaaway.

Laging ginagamit ng reaksyunaryong estado ang panlilinlang kakumbina ng brutal na teror laban sa rebolusyonaryong kilusan. Sa pakikipaglaban niya sa BHB mula 1969, alam ng pinuno ng mga kontrarebolusyonaryo na si Heneral Ramos na hindi niya kayang wasakin ito nang harapan sa pamamagitan lamang ng paraang militar. Sa katunayan, ang patakarang total war na kanyang inilulunsad noon pa mang panahon ni Marcos at Aquino at hanggang ngayon, ay hindi lamang simpleng pakikidigmang militar laban sa mga rebolusyonaryong pwersa. Kabilang dito ang pakikidigmang sikolohikal bilang porma ng taktika ng panlalansi. Kaya ang rehimeng Ramos ay naglulunsad ng mga kampanyang propaganda upang ipalaganap ang ilusyon ng kapayapaan at rekonsilyasyon at upang siraan ang rebolusyonaryong kilusan at lansagin ang mga rebolusyonaryong pwersa.

Sa usaping ito, ang gubyernong US (lalo na ang mga ahensyang paniktik nito tulad ng Central Intelligence Agency, ang Defense Intelligence at ang Bureau of Foreign Intelligence ng State Department) ay mahigpit na nakipagsabwatan kay Heneral Ramos mula 1985 upang isagawa ang pagpalit kay Marcos ng isa ring reaksyunaryong personahe at maibalik ang mga burges demokratikong institusyon at proseso; at kasabay nito'y mahadlangan at mawasak ang rebolusyonaryong kilusan hindi lamang sa pamamagitan ng lakas ng sandata (mga aksyong militar laban sa BHB at ang "imprastrakturang pulitikal" ng mga rebolusyonaryong pwersa) kundi maging sa pagpopropaganda sa tinaguriang "low-intensity conflict". Ang iskemang psy-war ay kinabibilangan ng pagtatambol ng mga haka-hakang "kapayapaan at rekonsilyasyon", ng pagtatangkang lituhin ang masa at ihiwalay sila mula sa mga rebolusyonaryong pwersa, at ng pagkupkop sa mga taksil sa tangkang hatiin ang rebolusyonaryong kilusan.



Mula 1986 hanggang sa kasalukuyan, ang iskemang ito'y sinalamin ng mga artikulo ng mga kilalang “akademikong” tagapagsuri ng CIA at DIA, ng dumaraming bilang ng mga burges na mamamahayag na Pilipino, Amerikano at iba pang dayuhan; mga Pilipinong akademiko at mamamahayag na ahente ng mga ahensyang paniktik ng Pilipinas at US; at ilang mga dayuhan at lokal na burukrata ng ilang mga dayuhang ahensyang tagapondo at mga tinatawag na non-governmental organization. Komon na linya nila na ang pagpapanumbalik ng “demokrasya” at “reormang pang-ekonomya” sa Pilipinas aya naglalagay sa mga rebolusyonaryong pwersa sa pusisyong walang mapagpipilian kundi ang sumuko at lumahok sa parlamentaryong pakikibaka, kung hindi ay magiging di-signipikanteng pwersa ito.

Dahil sa wastong pagdidiin sa linya ng bagong-demokratikong rebolusyon bilang linya para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan, nahadlangan ng Pambansa-Demokratikong Prente ang kaaway na linlangin ang mamamayan at palitawin na ang mga rebolusyonaryo ay mga “terorista”. Sa proseso, nailantad din at nabigo ang mga Kanang oportunista at kontrarebolusyonaryong taksil gayundin ang mga grupong pinalilitaw ang mga sarili bilang “ikatlong pwersa” at para i-presyur o itulak ang mga rebolusyonaryong pwersa na sumuko sa kaaway. Binigo ng Partido ang mga pinakatusong pagtatangka na batikusin at pahinain ang makatarungang rebolusyonaryong simulain. Kabilang sa pagtatangkang ito ang mga huwad na multisektoral na alyansa para sa katarungan at ang binansagang “medium-term” na plano para sa insureksyon.

Ang mga ahente ng psy-war at paniktik ng mga imperyalista at reaksyunaryo ay nakipagtambalan sa ilang mga taksil at sari-saring antikomunistang grupong peti-burges para itulak ang linyang antikomunista at anti-Stalin, laban kapwa sa rebolusyonaryong kilusan at sa mga ligal na progresibong pwersa, itambol at organisahin ang mga bagong antikomunistang pormasyon at ilunsad ang mga rali kabalikat

ng mga organisasyong konektado sa US, sa naghaharing pangkating Ramos at sa Kanang seksyon ng relihiyoso. Sa mga rali noong Hulyo 26 at Nobyembre 30, 1993, ipinagsigawan ng mga taksil at antikomunistang grupong peti-burges ang kanilang mga islogang antikomunista at anti-Stalin.

Ang mga bagong antikomunistang grupo na pinakulo ng mga taksil ay nagtataglay ng mga pangalang tulad ng Suriang Sosyalista, Sanlakas, Siglaya, Kapatirang Anakpawis, Bukluran ng mga Manggagawa para sa Pagbabago, National Confederation of Labor of the Philippines, at Demokratikong KMP. Nakikipagsabwatan at nakikipagkumpitensya sila sa mga naunang antikomunistang pormasyong peti-burges tulad ng Movement for Popular Democracy, Kristiyanong “sosyal-demokrata”, Forum for Philippine Alternatives at iba pang katulad nito, sa paglulunsad ng mga antikomunistang kampanya at pagkuha ng pondo mula sa reaksyunaryong gubyerno at mula sa mga dayuhang ahensya.

Ang linyang antikomunista, anti-Stalin ay nagmula sa pabrika sa psy-war ng US at Pilipinas at mga ahenteng paniktik, mga Gorbachobista, mga Trotskyista, populistang burges at mga Kanang seksyon ng relihiyoso. Ang mga ayaw magwastong “Kaliwang” oportunista na may kriminal na pananagutan sa Kampanyang Ahos (tulad nina Benjamin de Vera, Ricardo Reyes, Frank Gonzales at Nathan Quimpo) kabilang na rin ang mga kriminal na tagapagsagawa ng terorismo at gangsterismo sa kalunsuran (tulad nina Romulo Kintanar, Arturo Tabara, Filemon Lagman at Antonio Cabardo) ay nagbubuga ng linyang antikomunista at anti-Stalin at pinalilitaw ang mga sarili bilang mga kampiyon ng demokrasya at makatarungang proseso. Ang mga kaso laban sa mga taong ito ay nailathala na.

Bilang isang hakbang sa pagbibigay ng katarungan, ang Kampanyang Ahos ay idineklarang krimen laban sa mga biktima, sa Partido at sa sambayanan. Ang aksyong pandisiplina ng Partido na pagtitiwalag ay ipinataw sa mga pangunahing responsable sa kalupitan tulad nina Benjamin de Vera, Ricardo Reyes, Frank Gonzales at Nathan Quimpo. Dagdag pa, ang mga

indibidwal na ito ay may pananagutang kriminal at saklaw ng pag-uusig at paglilitis ng hukumang bayan.

Hanggang sa kasalukuyan, ang mga kontrarebolusyonaryo ay patuloy pa ring nagtatangkang sumakay sa opensiba sa ideolohiya ng mga imperyalista, na maling naglalarawan sa mga rebisyunistang partido at mga rehimeng kanilang pinamunuan bilang mga komunista't sosyalista, at nagbubunyi sa kanilang pagkalansag bilang kawalang pag-asa ng anti-imperyalista at sosyalistang adhikain. Itinututok nila ang kanilang bisyosong paninirang-puri sa tagapangulong nagtatag sa Partido, na ikinukumpara nila sa dakilang Stalin, at sa Partido at Komite Sentral nito na inilalarawan nila bilang Stalinista. Inaakala nilang kapag nasiraan nila ang Partido at pamunuan nito, mawawasak nila ang buong rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan.

Epektibong binigo ng kilusang pagwawasto ang opensiba sa ideolohiya at pulitika ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo at ng mga tagasunod nilang antikomunistang peti-burges. Naitaas pa sa mas mataas na antas ang rebolusyonaryong kamulatan at militansya ng mga rebolusyonaryong pwersa sa muling pagpapatibay sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Ang lumalalang krisis ng lokal na naghaharing sistema at ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nangangailangan at pumapabor sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Mas mataas ang kumpyansa ngayon ng mga rebolusyonaryong pwersa sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan upang makamit ang tagumpay sa bagong-demokratikong rebolusyon at maihanda ang batayan para sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.

Ang pagbagsak ng mga rebisyunistang naghaharing partido at rehimen ay nagsilbing patunay sa kawastuhan ng antirebisyunistang kritika na ibinunsod ni Kasamang Mao Zedong. Ang napatunayang pagtataksil sa sosyalismo ng mga rebisyunista sa halos apat na dekada ay nakapagpapaalab lamang sa mga tunay na rebolusyonaryo para labanan nang may ibayong determinasyon kaysa dati ang imperyalismo, rebisyunismo at neo-kolonyalismo. Ang teorya at inisyal na praktika ni Mao ng

nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadurang proletaryo upang bakahin ang modernong rebisyunismo, hadlangan ang panunumbalik ng kapitalismo at konsolidahin ang sosyalismo ay nagbibigay sa mga proletaryong rebolusyonaryong kadre at Pulang mandirigma ng isang malinaw na pananaw sa mahabang rebolusyonaryong pakikibaka na kailangan pang ilunsad.

Ang kilusang pagwawasto ay komprehensibo at malalimang nagpalakas sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwersa. Ang proletaryong rebolusyonaryong bag-as ng BHB ay higit pang lumakas. Gayundin sa mga ligal na progresibong pwersa. Ang ligal na demokratikong kilusang masa sa kalunsuran ay nagpakita ng lakas noong Mayo 1, 1993 at noong Pebrero 9 at 25 1994 laban sa rehimeng US-Ramos at mga upahang antikomunistang peti-burges. Pinapalawak at pinapatatag ng armadong rebolusyonaryong kilusan ang mga baseng masa nito at pinaunlad ito para sa malawak at masinsing pakikidigmang gerilya.

Ang Partido at BHB ay hindi nagpapahayag ng anumang takdang taning para sa pagkakamit ng ganap na tagumpay. Sa kabilang banda, determinado silang maglunsad ng matagalang digmang bayan hangga't kinakailangan ito upang pabagsakin ang naghaharing sistema at upang mapaunlad at makumpleto ang mga komprehensibong rekisito para sa ganap na tagumpay. Nakakatiyak lamang sila sa inabot na antas ng mga nakamit ng tagumpay at naglalayong magkamit ng mga tagumpay na pinahihintulot ng antas ng lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa at mga sirkunstansya.

#### **IV. MGA REBOLUSYONARYONG TUNGKULIN NG BAGONG HUKBONG BAYAN**

Sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, dapat samantalain ng BHB ang paborableng obhetibong kalagayan na inihahain ng papalalang krisis ng lokal na naghaharing sistema at ng pandaigdig na sistemang kapitalista.

Ang kasalukuyang kilusang pagwawasto ay kailangang isagawa hanggang sa katapusan. Kailangang madagdagan pa nito ang lakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon na naipon sa 25 taong rebolusyonaryong pakikibaka at mapangibabawan ang mga naipong malulubhang paglihis, pagkakamali at pagkukulang, lalo na yaong mga nakalikha ng malubhang pinsala at nakapagpahina sa pag-unlad ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Ang kilusang pagwawasto, sa esensya, ay isang kilusang edukasyon sa rebolusyonaryong teorya at praktika. Kailangang pag-aralan at ilapat ng mga proletaryong rebolusyonaryong kadre, kumander at Pulang mandirigma ang mga batayang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, ang pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon at ang estratehiya at taktika ng matagalang digmang bayan. Ang rebolusyonaryong edukasyon ay mahalaga para paunlarin ang mataas na antas ng mulat na disiplina, moral sa paglaban at rebolusyonaryong diwa ng paglilingkod sa sambayanan.

Ang mga piling akda nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao ay kailangang ipalaganap sa BHB. Ang pagbibigay pansin sa mga akda ni Mao hinggil sa matagalang digmang bayan at pakikidigmang gerilya ay naaangkop. Ang mga batayang dokumento ng Partido at BHB na wasto at matagumpay na gumabay sa rebolusyonaryong kilusan ay kailangang pag-aralan. Kaalinsabay nito, nararapat ding pagtuunan ang mga dokumento ng kasalukuyang kilusang pagwawasto at ang mga paglalagom ng Komite Sentral ng Partido.

Ang edukasyong teoretikal at pulitikal ay mapapadali kung ito'y naikakawing sa kongkretong kalagayan ng mamamayan at sa aktwal na rebolusyonaryong gawain at pakikibaka. Ang mga proletaryong rebolusyonaryong kadre at mga Pulang kumander at mandirigma ay kailangang malapit na makipag-ugnayan sa mamamayan, lalo na sa mga manggagawa at magsasaka; masinop na tasahin ang kanilang

lakas at gawain; isapraktika ang pagpuna at pagpuna-sa-sarili; at militanteng isagawa ang kanilang pakikipaglaban at iba pang tungkulin.

Kailangang ipagpatuloy ang mahusay na tradisyon ng pag-iral ng malaking konsentrasyon ng mga kasapi ng Partido sa BHB. Kailangang magkaroon ng grupo ng Partido sa bawat iskwad. Ang sangay ng Partido ay maaaring nakabase sa platun o kumpanya. Dapat iangat ang antas sa literasiya ng mga Pulang mandirigma na hindi marunong o kulang ang kakayahang magbasa at magsulat ng mga kasapi ng Partido na marunong bumasa at sumulat. Ang mga pinasimpleng materyal at pamamaraan sa pag-aaral ay kailangang gamitin para sa benepisyo ng mga kulang ang kakayahang magbasa at magsulat.

Maaaring magkaroon ng malaking bilang ng mga kasapi ng Partido sa BHB kaysa sa iba pang anyo ng mga pangmasang organisasyon dahil sa ang mga Pulang mandirigma ay palaging magkakasama sa pag-aaral at paggawa at nagpapatupad ng pinakamatinding porma ng rebolusyonaryong pakikibaka, na siyang pinakamahusay na proseso ng pagkatuto. Kahit sa panahon ng madalas na labanan at mabilis na pagrekluta, ang proporsyon ng mga kasapi ng Partido sa hanay ng mga Pulang mandirigma ay maaaring humigit sa 50 porsyento. Sa tuwing magbubuo ng isang bagong yunit ng BHB, kailangang mayroong mga kasapi ng Partido sa bag-as na nagmumula sa dating nakatayong mga yunit.

Sa pagpapanatili ng natatanging karakter nito bilang organisasyong panlaban, ang BHB ay kailangang magsagawa ng pagsasanay militar upang maitaas ang kakayahang lumaban at antas ng teknikang militar. Subalit ang pagsasanay militar na ito ay dapat laging kaugnay at di kailanman nakahiwalay sa edukasyon sa pulitika. Kaya, lagi tayong nananawagan para sa pagsasanay na pulitiko-militar. Kung mag-uusap hinggil sa estratehiya at taktika o pagsasanay at pagtataas ng teknika sa usaping purong militar lamang, ito'y

pagkahulog sa militarismong burges, kriminal na gangsterismo at kontrarebolusyonaryong pagbaligtad tulad ng mga taksil ng kinauwian nina Romulo Kintanar at Arturo Tabara.

Ang BHB ay dapat matatag na kumapit sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan. Hindi ito dapat mailigaw ng landas ng alinman sa pang-uudyok ng mga “Kaliwang” oportunista sa madali at mabilis na tagumpay sa pamamagitan ng wala-sa-panahong regularisasyon, insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar, paghamak sa masikhay na gawaing masa at payugtu-yugtong pag-unlad; o sa pang-uudyok ng mga Kanang oportunista sa parlamentarismo o repormismo bilang komportable at walang sakit na paraan ng pag-agaw sa kapangyarihan.

Kailangan nating kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan hanggang sa makapag-ipon tayo ng sapat na lakas upang agawin ang mga lunsod. Sa loob ng mahabang panahon, nasa estratehikong dependsiba tayo ngunit kailangan tayong maglunsad ng mga taktikal na opensiba batay sa partisipasyon at suporta ng mamamayan. Kailangang pakilusin natin ang masang magsasaka bilang kalakhang pwersa ng rebolusyon at palakasin ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka bilang pundasyon ng bagong-demokratikong rebolusyon.

Dapat itayo ang mga samahang magsasaka na binubuo sa saligan at pangunahin ng mga maralitang magsasaka at manggagawang-bukid. Ang mga Pulang mandirigma ng BHB ay kailangang reklutahin, pangunahin, mula sa kanilang hanay. Pagkatapos nito, ang mga panggitnang magsasaka ay makakabig at ang mga mayamang magsasaka ay manunyutralisa. Dagdag pa, masasamantala ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga naliliwanagan at imbing panginoong maylupa. Ang dapat na resulta ay ang pagkahiwalay at pagkawasak ng kapangyarihan ng mga imbing panginoong maylupa. Ang linyang antipyudal na ito ang pangunahing sangkap ng pangkalahatang linya ng bagong-demokratikong rebolusyon.

Kailangang hikayatin at italaga ng Partido ang mga rebolusyonaryong manggagawa at nakapag-aral na kabataan na sumapi sa BHB. Kailangang ikoordina nito ang legal na demokratikong kilusang masa na nakabase sa kalunsuran at ang armadong rebolusyonaryong kilusang nakabase sa kanayunan upang malagay sa pusisyong gawing komplementaryo at nagtutulungan ang dalawang porma ng pakikibaka sa pagsusulong ng rebolusyonaryong simulain. Kailangang bakahin nito kapwa ang repormismo at insureksyunismong lunsod dahil dinidiskaril nito ang rebolusyon. Ang mga ito ang nakasira ng loob at humadlang sa daloy ng mga kadre ng Partido mula sa kalunsuran tungong kanayunan.

Maling pinagbintangan ng mga insureksyunista at repormista ang Partido na pinababayaan ang ligal na demokratikong kilusan sa kalunsuran sa pamamagitan ng pagtahak sa linya ng matagalang digmang bayan. Ipaalala natin sa mga nagmamarunong na ito na ang mga proletaryong rebolusyonaryo ang siyang nagpaunlad sa ligal na demokratikong kilusang masa mula pa noong dekada 1960 hanggang sa kasalukuyan, na ang mga repormista at insureksyunista ay mga munting buntot lamang ng mga reaksyunaryong pwera at nabalaho na ang kanilang mga dayuhang modelo. Itakwil natin ang mga nagmamarunong na ito, lalo na ang mga naging bayarang antikomunista, kriminal na gangster at magnanakaw ng mga rekursong pag-aari ng Partido at sambayanan.

Habang itinatakwil natin ang mga “Kaliwa” at Kanang oportunista na lantarang naging kontrarebolusyonaryo, kailangang paramihin at sinsinin ang mga taktikal na opensiba sa loob ng estratehikong dependsiba. Kailangang maglunsad tayo ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya nang may papalawak at papalalim na baseng masa sa pamamagitan ng masikhay na gawaing masa. Ang malawakang partisipasyon at suporta ng mamamayan sa rebolusyonaryong pakikidigma ang dapat magtiyak sa katangian at direksyon ng BHB at iba pang mga



rebolusyonaryong pwersa, at dapat magawang inutil ang kasalukuyang superyoridad sa militar at estratehikong opensiba ng kaaway.

Sa pamamagitan ng militanteng partisipasyon at suporta ng mamamayan, kinakailangang panatilihin ng BHB na bulag at bingi ang kaaway at ilunsad lamang ang mga labanang kayang ipagwagi. Kailangang durugin ang kaaway nang pabaha-bahagi. Ito ang kailangang magtakda sa panahon at lugar para pasurpresang durugin ang mga yunit ng kaaway. Makakapaglunsad ito ng mga taktikal na opensiba para lipulin ang kaaway sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga kahinaan nito, at pagtutulak sa kanya na magkamali.

Sa taktikal na antas, dapat buuin ng BHB ang superyor na pwersa para mang-ambus o mangreyd ng mga yunit ng kaaway na kaya nitong lipulin. Hindi nito kailanman dapat isugal ang kabuuang lakas sa buong bansa, sa anumang rehiyon o anumang larangang gerilya sa isang mapagpasyang labanan. Kung ang pwersa ng kaaway ay mahusay na nakatrenera, ang BHB ay hindi lumulusob sa kanyang moog, kundi naghihintay na maghati ang pwersa ng kaaway o palabasin ang ilang bahagi nito.

Kapag superyor ang pwersa ng kaaway at sadyang naghahamon ng labanan, ang BHB ay hindi harapang lumalaban kundi hinahayaang sumuntok sila sa hangin o inaakit sila papasok hanggang mahulog sa bitag o mapilitang hatiin ang kanilang pwersa at mailantad ang mga mahihinang bahagi. Maaari ring mang-isnapp sa umaabanteng kaaway upang antalahin, hadlangan at idiskaril ang pag-abante nito.

Maaaring umiwas ang BHB sa superyor na pwersa ng kaaway upang maatake ang mahina nitong pwersa. Maaaring engganyuhin nito ang pwersa ng kaaway na sumulong sa isang direksyon para makaatake ang BHB sa ibang direksyon o itulak nito ang kaaway na paulit-ulit na mahulog sa bitag sa parehong direksyon kung tiyak na walang susupportang pwersa ng kaaway sa isang takdang panahon. Ang pleksibilidad sa taktikang gerilya ay makakamit lamang

kung may mahigpit na pagkapit sa prinsipyo at praktika ng pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa. Kung wala ang ganitong uri ng baseng masa, ang sitwasyon ay magiging lantay militar at paborable sa superyor na pwersang militar.

Laging may kakayahan ang kaaway na magkonsentra ng pwersa sa takdang target na erya at pagkaitan ang BHB ng akses sa erya sa mahabang panahon. Subalit ang kabuuang kakayahan ng kaaway na umokupa ng teritoryo ay may hangganan. Makakaagaw siya ng anumang teritoryo subalit binubuksan niya ang mas malawak na puwang sa ibang lugar. Hindi niya kayang okupahin ang target niyang erya nang hindi hinahati ang kanyang mga pwersa. Ito'y nagbibigay pagkakataon sa mga yunit gerilya ng BHB na atakehin nang paisa-isa ang kanyang mga yunit.

Kailangang itakwil ng BHB ang mga hungkag na ilusyong naunang pinakulo ng mga maling linya ng “regularisasyon” at “estrategikong kontra-opensiba” at ng pagkumbina ng insureksyunismong lunsod at adbenturismong militar. Kailangang isagawa ang tumpak at balansyadong pagtatalaga ng mga pultaym na Pulang mandirigma na may ripleng awtomatik. Ang istruktura ng pwersa ay dapat na naaayon sa aktwal na lakas ng BHB, sa balanse ng pwersa o sa aktwal na antas ng pag-unlad ng pakikidigma at sa pangangailangang kumpletuhin ang mga komprehensibong rekisitos ng digmang bayan.

Ang sentro-de-grabidad (punto ng konsentrasyon o strike force) sa rehiyon ay maaaring isang kumpanya o — sa isang larangang gerilya — isang platoon o kumpanya subalit hindi nito dapat higupin ang lalabis sa 30 porsyento ng kabuuang bilang ng mga Pulang mandirigma at dapat na nasa relatibong konsentrasyon nang sa gayo'y makakagampan ito ng gawaing masa kapag hindi abala sa mga operasyon na nangangailangan ng absolutong konsentrasyon. Ang relatibong konsentrasyon ay nangangahulugan ng mas magkakalapit na saklaw para sa gawaing masa ng yunit na nagsisilbing sentro-de-grabidad kung ihahambing sa mga mas

maliliit at kalat na yunit. Sa mga operasyong opensiba, ang sentro-de-grabidad ay mapapalakas sa pamamagitan ng pagtitipon o pagsama ng nakasasapat na bilang ng mga maliliit at mas nakakalat na yunit.

Napakahalaga ang pagkakaroon ng mas maliliit at nakakalat na yunit upang mapaunlad ang baseng masa sa mas masaklaw na antas. Ito ang mga pwersang horisontal na siyang magsisilbing tuntungan sa pagsibol at pag-unlad nang payugtu-yugto ng mga pwersang bertikal. Kailangang likhain nila ang mas maluwa na erva para sa maniobra ng BHB. Sa paboraleng kalagayan (kapag walang konsentrasyon ng kaaway), posible para sa iskwad ng BHB na sumaklaw ng isang buong munisipalidad o ang katumbas nito bilang sonang gerilya. Ang ganitong iskwad ay maaaring maghiwa-hiwalay sa mga pangkat pampropaganda upang maggawaing masa. Mapapalakas ito sa pamamagitan ng mga milisya at yunit sa pagtatanggol- -sa-sarili sa bawat baryo.

Ang mga armadong partisanong lunsod at yunit sa pagtatanggol-sa- sarili ay dapat umiral at kumilos sa isang antas at paraan na hindi nakapipinsala sa ligal na demokratikong kilusang masa at sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Dapat na ganap na ikumand at kontrolin ng Partido at BHB ang mga ito. Ang pagrekluta sa mga partisanong lunsod ay hindi dapat gamiting dahilan para pigilin ang mga nasa kalunsuran na nagnanais na sumapi sa BHB.

Sa katunayan, walang sinumang maaaring maging partisano nang hindi dumadaan sa pagsasanay na pulitiko-militar ng BHB at sa serbisyo sa kanayunan. Upang hindi makapinsala sa ligal na demokratikong kilusang masa, ang mga aksyon ng armadong partisano ay hindi dapat pamalit sa mga ligal na aksyong masa o hayagan at direktang nakakunekta dito. Ang mga yunit ng mga armadong partisanong lunsod ay hindi dapat buuin o gamitin para maglingkod sa anumang oportunistang linya at hindi dapat pahintulatang mauwi sa mga kriminal na pangkat tulad ng mga inaalagaan nina Romulo Kintanar, Arturo Tabara, Filemon Lagman at Antonio Cabardo.

Dapat laging isagawa ang sapat na panlipunang pagsisiyasat upang mailatag ang batayan ng gawaing masa. Ang gawaing masa ng BHB ay nangangahulugan ng pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa mamamayan ayon sa bagong-demokratikong linya. Ang edukasyong masa, kabilang na ang propaganda at ahitasyon, ay kailangang kasabay ng pag-oorganisa sa masa at mga kampanyang masa. Dapat itayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at iba pang tipo ng mga organisasyong ma para sa magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, aktibistang pangkultura at mga bata. Dapat ilunsad ang mga kampanyang masa, lalo na ang kampanya sa reporma sa lupa, upang magkaroon ng kapangyarihan ang mamamayan at umani ng mga benepisyong panlipunan para sa kanila. Sa ilalim ng ganitong mga kalagayan, lilitaw ang mga lokal na sangay ng Partido.

Nakabatay sa tagumpay ng gawaing masa ang pag-abante ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika mula sa antas ng hinirang na komiteng pang-organisa sa baryo tungo sa mga inihalal na komiteng rebolusyonaryo sa baryo. Ang huli ay inihahalal ng mga kinatawan ng organisasyong masa o direktang inihahalal ng lahat ng mamamayan (depende sa kalagayan) at tinutulungan ng mga gumaganang komite para sa edukasyong pampubliko, organisasyong masa, reporma sa lupa, produksyon, pinansya, kalusugan, depensa, arbitrasyon, at mga gawaing kultural at sinusupportahan ng iba't-ibang tipo ng organisasyong masa.

Ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ay hindi yayabong kung hindi iuugnay sa reporma sa lupa at pagtatayo ng baseng masa. Habang ang BHB ay naglulunsad ng pakikidigmang gerilya sa panahon ng estratehikong depensiba, mahusay sa pangkalahatan na ilunsad ang minimum na programa sa reporma sa lupa na naglalaman ng pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi ng usura, pagpapataas ng pasahod, pagpapataas ng presyo ng mga produktong agrikultural mula sa sakahan at pagtataguyod ng produksyon sa agrikultura at iba pang pagkakakitaan. Ang pagbubuo ng

baseng masa ay nangangahulugan ng pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa.

Responsabilidad ng Partido na linawin ang mga gawain ng at pamunuan ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at kampanyang masa. Sa usaping ito, ang Pambansa-Demokratikong Prente ay makakatulong sa Partido sa paghimok ng pinakamalawak na suporta at sa pagpapatupad ng mas epektibong pamamahala at kampanyang masa.

Bilang tagapagpatupad ng mga rebolusyonaryong batas at hustisya, kailangang pag-aralan ng BHB at pati na ang mga milisya at yunit sa depensa ang mga saligang demokratikong karapatan ng mga indibidwal at dapat nitong alamin ang mga wastong prinsipyo at pamamaraan sa pagsasakatuparan ng kani-kanilang mga papel sa mga kasong sibil at kriminal. Ang hukumang bayan, ang hukumang militar (sa mga kaso ng tauhan ng BHB) o ang komite sa arbitrasyon (sa mga maliliit na kaso sa hanay ng mamamayan) ang siyang magpapasya sa mga kaso. Dapat alam rin ng mga tagapagpatupad ng mga rebolusyonaryong batas at hustisya kung ano ang katangian ng sitwasyong labanan kontra sa mga yunit at elemento ng kaaway at gayundin ng sitwasyong labanan kontra sa mga itinuturing ng kinauukulang awtoridad bilang armado't mapanganib na kriminal na nanlalaban sa pag-aresto at tumatangging sumailalim sa pagsisiyasat ng mga taga-usig ng bayan at sa paglilitis ng hukumang bayan.

Higit pang makaaasa-sa-sarili ang Partido at BHB kaysa sa nakaraan at makakapag-ipon ng mas malaking rekurso para sa pagpapalakas ng rebolusyonaryong gawain sa pamamagitan ng pagpapatupad ng reporma sa lupa, pagtataguyod ng produksyon, pagkolekta ng mga kontribusyon mula sa mamamayang nabeneписыuhan ng reporma sa lupa, produksyon at iba pang kampanyang masa, pagpataw ng patakarang sa buwis sa mga mayaman at mga mulat na saray ng nagsasamantalang uri at sa pagkumpiska

ng mga armas at iba pang rekurso mula sa kaaway. Ang ating patakaran sa buwis ay nagpapahintulot sa ilang mga empresa na mag-opereyt at lumago, basta't ang mga ito'y hindi nakakasama sa mamamayan at sa kapaligiran; ipinapatupad ang mga aksyong pananggalang at konstruktibo upang mapangalagaan at mapanumbalik ang mga rekurso at upang mapanatili ang malinis at malusog na kapaligiran. Kung mayroon tayong mahusay na patakaran sa pagbubuwis na mababalangkas at maipapatupad, ang mga buwis na maiipon ng BHB sa ngalan ng Partido at ng rebolusyonaryong pamahalaang bayan ay di hamak na mas malaki kaysa anumang pumasok na dayuhang tulong. Pinatutunayan ito ng ating 25-taong karanasan.

Ang mga ayaw magwastong “Kaliwang” oportunista na noong una’y umasa nang malaki sa tulong na militar at pinansyal mula sa dayuhan ay nanglito sa kanilang mga sarili at sa iba, at nauwi sa pagiging kriminal na gangster. Ang mga ayaw magwastong Kanang oportunista na naging palaasa sa mga ahensyang tagapondo mula sa Kanluran ay naging lantaranang antikomunista tulad din ng mga dating “Kaliwang” oportunista na tumutol sa linya ng matagalang digmang bayan at nagtulak ng paglihis sa Marxista-Leninistang antirebisyunistang linya ng Partido.

Kailangang maging mapagmatyag ang Partido at BHB sa mga dayuhang ahensyang tagapondo at iba pang mga dayuhang entidad na nagkakalat ng mga kontrarebolusyonaryong ideya at nagbibigay ng pondo sa mga grupong umaatake sa PKP, BHB, NDF at iba pang mga patriotiko at progresibong pwersa. Ang ilang mga ahensyang tagapondo mula sa Kanluran ay naghasik ng repormismo, lumikha ng mga burukratang NGO, nag-engganyo sa mahuhusay na mga aktibista na manatili sa mga opisina sa lunsod at nagpalaganap ng kaisipang pagkakawanggawa sa mga erya ng kanilang proyekto. Kailangang magsagawa at magpatupad ng mga pangkontrang hakbang kaugnay nito. Walang anumang organisasyon o tauhan na pinopondohan ng dayuhan ang pahihintulutan sa loob ng mga larangang

gerilya at iba pang eryang saklaw natin hanggat hindi sila masusing nasisiyasat at napapahintulutan ng Internasyunal na Tanggapan ng NDF. Ang mga grupo at proyektong kontrarebolusyonaryo ay dapat na itaboy.

Hindi na dapat magkaroon ng anumang ilusyon ang Partido at BHB tungkol sa pagkuha ng sigpikanteng tulong militar at pinansyal mula sa ibang bansa. Ang mga naunang pagtatangkang makuha ito ay nakagulo lamang, hanggang sa antas na nakalikha ito ng paglihis sa ating Marxista-Leninista at antirebisyunistang linya. Ang pag-unlad ng armadong pakikibaka ay hindi nangangailangan ng pag-aangkat ng mga armas. Ang kaaway ang ating pinakamaasahang suplayer ng armas. Kumukuha siya ng mga armas mula sa mga imperyalista at pagkatapos ay kinukuha naman natin ang mga ito sa kanya kapag naglulunsad tayo ng mga taktikal na opensiba.

Higit na mahusay na nagagampanan ng Partido at BHB ang kanyang internasyunalistang tungkulin sa pamamagitan ng pag-asa-sa-sarili at sa pagtataas ng antas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Ang kanilang tagumpay ay aktwal na kontribusyon sa pandaigdig na rebolusyong proletaryo. Ang kanilang halimbawa ay nagsisilbing inspirasyon sa mamamayan ng daigdig para maglunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka. Sa pagkakamit ng mas malalaking tagumpay sa sarili nilang bayan, nasa mas mahusay na pusisyon silang makipagtulungan sa iba pang rebolusyonaryong pwera sa daigdig.

Sa kasalukuyan, ang Bagong Hukbong Bayan ay isa sa pinakanatatangi sa hanay ng mga rebolusyonaryong hukbo na pinamumunuan ng mga partidong Marxista-Leninista. Nalagay ito sa ganitong pusisyon dahil sa pagpupunyagi ng mga proletaryong rebolusyonaryo, Pulang kumander at mandirigma sa matagalang digmang bayan. Itinataas ng BHB ang nagliliyab na sulo ng armadong rebolusyon habang ang proletaryado at mamamayan ng daigdig ay sumusulong mula sa isang panahon ng rebolusyonaryong pakikibaka tungo sa

isa pa, pagkaraang magwakas ang dalawang-hating daigdig at ang pansamantalang estratehikong pagkabigo ng pandaigdig na rebolusyong proletaryo dahil sa matagalang operasyon ng neo-kolonyalismo at ng rebisyunistang pagtataksil sa sosyalismo.

Habang ang Partido ay nagmamalaki sa maningning na rekord at katayuan ng BHB, ang lahat ng mga proletaryong rebolusyonaryong kadre, Pulang kumander at mandirigma ay kailangang magmatyag, maging mapagkumbaba at higit na determinadong lumaban dahil sa ang mga pwersa ng imperyalismo at reaksiyon ay desididong wasakin sila.

Ang panlipunang ligalig ay laganap sa buong mundo — sa bakuran mismo ng imperyalismo at sa mga neo-kolonya. Ang daigdig ay muling nasa bisperas ng malaking panlipunang pagbabangon at muling pagdaluyong ng kilusang anti-imperyalista at sosyalista. Ang BHB ay nasa natatanging pusisyong lumabas na subok na mula sa lumang panahon ng rebolusyonaryong pakikibaka patungo sa isang bago at mas mapanghamong panahon.

**Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!**

**Magpunyagi sa matagalang digmang bayan! Mabuhay ang sambayanang Pilipino!**

**Makibaka para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo!**

**Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!**